
# KUTAMAYA NG DIYOS





## AKLAT NG GURO

para sa lahat ng edad

# KUTAMAYA NG DIYOS

## AKLAT NG GURO PARA SA LAHAT NG EDAD




**Linggong eskwelang programa mula sa "Children are Important"**

**Web: www.ChildrenAreImportant.com/armour/**


### SALAMAT SA BUONG PANGKAT NG "CHILDREN ARE IMPORTANT"!

Punong Patnugot: Kristina Krauss
Malikhaing Pangkat: Abril Palacios Camacho, Areli Zuriel Salinas Sanchez, Dwight Krauss, Jacob Kuruvilla, Jennifer Sánchez Nieto, Julio Sánchez Nieto, Mike Kangas, Monserrat Duran Díaz, Rubén Darío, Suki Kangas, Verónica Toj, and Vickie Kangas.

Salamat kay Rubén Darío para sa kamangha-manghang musika sa programang ito.
Pangkat ng Tagasalin: Ali Atuha, Aline Xavier, Annupama Wankhede, Anton Klymyk, Araz Mammadzadeh, Aroma Publications and Media, Arturo Jr Boron, Blessy Jacob, Carla Mayumi, Carmela Dawn Flores, Chrisbresnahan, David Raju, Ephraim Njuguna Mirobi, Finny Jacob, Geenav, HamidReza Azimi (hamid.azimi1364 at gm#ail com), Heyaudrey, I-clever.com, iqbalman, Jacob Kuruvilla, kamilturk, Karunguru Mwangi, kiran, Krauz1, Maitrayi Mondal, Marco Chu, Marcos Rocha, Mathew Das, Mitesh Mandaliya, mrramlama, Mrs.Geethashree NavaneethaKrishnan, Nassim Bougtaia, nicbenk, Paul Mwangi, Paul Septan, Rana922, Rubina Rai, Sabrina Benny John, Safdar Khan, shahroshan15, SubtitleMe, Talento-Unido, ueritom, Verdia Juliansyah Cancerika, Yeoh Jung Chin, and Zeina Mirella Barzaga Arencibia.

## INTRODUKSYON




Mga kapatid,
Sa sandaling ito ay itinataas naming kayo bilang sarhento sa hukbo ng Diyos! Lahat sa inyong iglesia ay magnanais lumahok sa material na ito ng "Kutamaya ng Diyos". Maaari silang magsimula sa isang lubhang masayang rally / araw ng laro na likha ng mga kapatid na lalaki ng Guatemala Silvia Delio, Mario Velasquez at lahat ng pangkat na suporta. At magpapatuloy ang saya dahil hindi sila titigil sa kakatawa sa mga bagong drama / iskit na sinulat ni Suki Kangas. Napakanakakatawang marinig si Jenny Sanchez na tumawa habang nag-eedit siya ng mga video kung saan tampok sina Sarhento Upright (Mike Kangas) at mga sundalo Sundalo Giggle (Suki Kangas) at Sundalo Duty (Flor Boldo) na gumaganap nang masaya. At kung hindi ka mapapangiti ng mga drama ni Suki, kung gayon ay tingnan mo ang bago mong disenyo ng buong pakete. Gusto ko ang pabalat ng aklat ng guro, taglay ang mga nakakatawang larawan, at si Sarhento Upright na sinusubukang isipin kung ano ang gagawin sa lahat ng sundalong ito! (Baka kamukha ito ng klase mo?)

Sigurado akong tutulungan ng programang itong maudyukan ang mga estudyante mong hindi lang isaulo ang Kutamaya ng Diyos, kundi ipamuhay ito. Lubhang mauudyukan ang mga bata na tumaas sa ranggo gamit ang mga bagong tsapa ni Suki, at maging ang mga balikat ng mga guro ay kikinang kasama nila. Hindi lamang magsasaya ang mga bata sa mga gawain, kundi nanaisin ding sumali ng mga guro, yamang ginawa silang napaka-cute ni Flor Boldo. Gusto ko ng sarili kong bookmark para sa Biblia ko! Lubhang cute ang mga bagong aklat pang-estudyante, gawa ni Monse Durán, taglay ang mga bagong disenyo at bagong guhit ng alagad ng sining na si Douglas 1985, at tila maging ang nga guro ay magnanais ng isang advanced na librong pang-estudyante upang lutasin ang kanilang mga bagong maze!

Ngunit hindi lang katuwaan ang programang ito! May mga mensahe sa bawat bahagi ng mga aklat, mula sa mga bagong ARALIN na sinulat ko hanggang sa malalalim na paksa sa mga tanong at sagot at mga takdang-arali sa kalagitnaan ng lingo na sinulat ni Vickie Kangas. Huwag nating kalimutan ang mga direktang mensahe sa puso sa mga awit, lahat sinulat ni Mike Kangas, hanggang sa modernong mensahe sa WhatsApp sa mga likod ng mga aklat ni Flor Boldo.

Nabanggit ang musika kailangan kong banggitin ang lahat ng umawit kasama ko, kapwa sa Ingles at Espanyol, upang ang 10 awit ng Kutamaya ay maging maganda, nakakatuwa at may malakas na mensahe. Maraming salamat kay Andy Kangas, Jessica Meshell at Austin Meshell sa pagtulong sa akin sa CD sa Ingles at salamat kina Mike Kangas at Flor Boldo sa pag-awit kasama ko sa Espanyol. Ngunit nagbigay ng HIGIT na buhay si Suki sa mga awitin sa kanyang mga malikhaing kilos, at ang paborito ko ay noong lumabas ang buong pangkat kasama sina David, Julio, Flor, Monse, Jenny at Suki.


Sa totoo, ito ay teamwork, mula sa panimula sa panalangin, hanggang matapos ni Julio Sanchez ang paglimbag sa huling detalye para sa mga nalimbag na benta sa Mexico at Guatemala at hanggang ma-upload ni Mike Kangas ang lahat ng wika sa website upang ma-download mo sila nang libre. At kailangan kong banggitin si Verónica Toj sa Guatemala na siyang in charge sa Facebook at Blessy Jacob sa India na in charge sa pagsasalin para sa India. Ang maraming salamat kay Flor Boldo sa pagtulong sa aking i-edit lahat!

Pagbati sa pangkat, sa pagpapaunlad sa programa gamit ang inyong pag-ibig, pagkamalikhain at paglilingkod. Kung wala kayo, hindi ko matatapos ang anuman. Salamat din sa bawat guro sa harap ng digmaan, na magbibigay sa mga klaseng ito at gagawa ng pagbabago sa mundo. Hindi naming ginawa ang mga aklat na ito upang mag-ipon ng alabok kundi upang sanayin ang susunod na henerasyon. Kung wala

kayong mga guro, hindi gagawa ng anuman ang pangkat namin. Salamat sa espiritwal na bunga na binigay niyo sa amin gamit ang pag-ibig niyo para sa mga bata, inyong dedikasyon at pasensya.

Nawa pagpalain ng Diyos ang bawat isa ng dobleng pagpapala!
Kristina Krauss - Children are Important

# PAANO GANITIN ANG MATERYAL NA ITO




## MGA NATATANGI

Isa sa mga maiinam na bagay dito sa programang ito ay ang mga "insignias/badges" na makukuha ng mga bata at guro. Bago simulan ang bawat klase, nanaisin mong maghanda para sa maliit na pagpaparangal at pagbibigay ng "badges". (Kung hindi mo matapos ang paghahanda bago ang klase, habang umaawit pwedeng tapusin ang paghahanda.) May 4 na "badges" na makakamit kada linggo. At kapag dumating na ang mga mag-aaral, sumulat ng takdang-aralin: mga kapitulong babasahin sa aklat ng Mga Gawa at mga takda ng "Bootcamp" na dapat nilang gawin sa kalagitnaan ng linggo. Itala ang kanilang lingguhang pagdalo. Sa huli, hikayatin silang sabihin ang "isasaulong bersikulo" (aaralin natin ang teksto ng "Kutamaya ng Diyos") para makakuha din sila ng "memorization stars". Itala nang maayos kung sino ang nakakuha at ihanda ang mga "insignias" para ibigay sa lingguhang pagpaparangal.

- Pagdalo ng klase
- Takdang aralin sa Buhay
- Takdang aralin sa Pagbabasa
- Pagkakabisa ng "Armour verses"

May pahina sa dulo ng aklat na magagamit mo upang itala ang kanilang mga insignia.

## ATTENDANCE

Bawat bata ay makakaipon ng piraso ng "main badge" sa pagdalo sa bawat klase. Maaari kang magbigay ng 2 badges sa bawat bata para ilagay sa magkabilang balikat o isa lang sa isang balikat.




Halimbawa ng parsyal na tulong, o para sa ilang araw lang. Ilagay ang mga "stripes" nang nagkakatabi.



## PAGBABASA AT PAGKAKABISA

Ang mga bata ay pwedeng makakuha ng bituin sa pagbabasa sa bahagi ng ng Mga Gawa na nakatakda sa bawat ARALIN at ang isang bituin sa pagkakabisa sa bersikula ng araw na iyon. Kung babasahin nila ang buong aklat ng Mga Gawa at makabisa ang 10 bersikulo, ang kanilang mga badges ay mapupuno. Ilagay ang badge na ito sa kanan ng bata. (Ang ika-10 linggo ay makukuha kung nakadalo sila ng unang 9 na klase.)




## BOOTCAMP / TAKDANG ARALIN SA BUHAY

Bawat ARALIN ay may takdang-aralin para maisabuhay ang mga ARALIN sa kalagitnaan ng linggo. Makakakuha and mga bata ng 1 "ribbon" (parihabang papel) kada natapos na gawain. Pagsamahin ang mga parihaba gamit ang sinulid, tape, o idikit silang magkakasama gamit ang mga piraso ng papel. Ilagay sila sa kaliwa ng bata.



## SCHEDULE: (ISA'T KALAHATING ORAS)

**(10 minuto) Bago ang klase:**

- Kapag dumating ang mga bata, itala ang kanilang mga nakamit para makaipon sila ng 4 na badges kada linggo.
- Attendance ng klase
- Takdang-aralin sa Buhay: "Bootcamp"
- Takdang-aralin sa Pagbabasa: Aklat ng Mga Gawa
- Pagkakabisa ng mga bersikulo ng Armour

**(25 minuto) Pagbubukas:**

- Awit na may pag-aksyon
- Pagpaparangal / Insignias
- Pamagat ng ARALIN
- Pagsasadula / Sketch




**(15 minuto) ARALIN:**

- Pangunahing ARALIN
- Pagkakabisa ng bersikulo

**(20 minuto) Libro ng mag-aaral:**

- Mga palaisipan at gawain
- PowerPoint / Pagpapasya
- Mga Tanong / Talakayan
- Takdang-aralin sa Buhay at pagbabasa

**(20 minuto) Mga gawain:**

- Laro
- Likhang-sining

## PAGSASADULA



Bawat linggo tuturuan ng sarhento ang dalawang sundalo tungkol sa Kutamaya ng Diyos sa boot camp. Sa bawat pagsasadula and mga bagong sundalo ay matututo na naaayon sa araw ng "Sunday school ARALIN" para sa mga bata.

Mga Karakter:

• Soldier Giggle

Laging nanggugulo at nakakalimot sa mga bahagi ng Kutamaya.

• Soldier Duty

Mas magaling sa pagsunod sa mga tagubilin.

• Sergeant Upright

Namumuno sa pagsasanay ng dalawang sundalo.

Para ditol, mayroon kaming videos ng lahat ng pagsasadula na nasa DVD o sa YouTube. Pwedeng gamitin ang videos bilang inspirasyon para sa mga aktor o ipanood direkta sa mga bata.
Ang mga videong ito ay hindi gumamit ng tunay na wika at gagana sa kahit anong wika ang isinasalita sa inyong lugar. Hanapin ang videos sa YouTube channel: *www.youtube.com/c/Childrenareimportant*

## KARTON NA KUTAMAYA AT PAYAK NA DISENYO NG LUGAR

Para sa pagsasadula, gumagamit tayo ng kartong kahon, laso, at salaan / kaldero upang makagawa ng murang piraso ng kutamaya. Hanapin ang mga hakbang sa paggawa ng armour suit of long balloons at iba pang ideya sa extra ideas section.





### TURBANTE NG KALIGTASAN

Salaan o Kaldero

Laso

Tuwayla para malabot sa ulo





### BALUTI NG KATUWIRAN

Malaking kartong kahon

Laso, pandikit / silicone

Tahiin ang dugtungan para matibay.











### KALASAG NG PANANAMPALATAYA

Gilid ng 1 malaking kartong kahon

Transparent na plastik


Silicone glue

Kulot na laso / tali

### PANALANGIN / RADYO


1 Maliit na kahon

Piraso ng alambre





Para maibaluktot ang kahon:



### BIGKIS NG KATOTOHANAN

Pwedeng magsabit ng mga bagay sa iyong sinturo, gaya ng tirador, binoculars, lubid, at canteen.






### MGA PIRASO

Bawat piraso ay nangangailangan ng karton at silicone / glue.






**Tirador**









## Lubid




## Binoculars




Isarado ang baba gawa ng kartong kahon

## Canteen

Suriin ang extra ideas section para makita ang paggawa ng canteen gamit ang 2 disposable na plato at toilet paper tube.







Ilagay ang mga pirasong ito sa sinturon

## SENARYO

Para sa 10 pagsasadula:
Hagdan
2 kartong kahon
Mesa
Lalagyan ng tubig
Maliliit na piraso ng papel




## EKSTRANG IDEYA

### MUMUNTING TORE NG LOBO




Gumawa ng 2 tore ng lobo gamit ang kayumanggi, berde, itim at puting lobo.
Gumawa tayo ng maliit na haligi na may apat na kulay.
Gumawa ng 2 pares (2 itinaling lobo) na may 1 berde at 1 itim na lobo at isa pa na may 1 puti and 1 kayumangging lobo.
Tip: Tandaan na dapat silang itali sa na malapit sa tiyan ng lobo para mas madaling manipulahin.
Ngayon pagtagpuin ang dalawang pares at ipulupot magkasama.
Ulitin ang prosesong ito hanggang 8 na ulit para magkaroon ng 9 na lobong quartet.
Ilagay ang unang quartet sa pormang x gamit ang berde bilang sanggunian. Ngayon ilagay ang mga sumusunod quartet sa porma na + isama sa unang quartet gamit ang kulot na laso para maiwasan silang gumalaw. Ipagpatuloy sa ibang quartets, ikutin sila paulit-ulit: x, +, x, + etc.




Tip: Sa tuktok ng maliit na tore pwede kang maglagay ng malametal na bituing lobo bilang panapos na dekorasyon.
Mayroon kaming video na nagtuturo kung paano gumawa ng maliit na tore ng lobo.
https://youtu.be/hut9db-ALOI
O hanapin sa aming YouTube channel:
http://youtube.com/c/Childrenareimportant

### MGA PALAMUTI GAMIT ANG PAPEL



Kakailanganin ng "letter-sized sheets" ng berde, brown, grey, itim, gunting, lapis, ruler, at tali.
Gagawa tayo ng tatsulok na . Ilapag ang iyong papel pahiga, tupiin ito sa kalahati, gupitin ang papel at gamitin ang isang kalahati lang para gawin ang molde, gamit ang ruler, sukatin ang lapad ng papel at maglagay ng tanda sa gitna. Halimbawa, kung sumukat ka ng 14cm lagyan ng tanda ang 7cm. Ngayon, gumihit ng linya mula sa tuldok na iyon tungo sa itaas na kaliwang sulok at ulitin and hakbang sa itaas na kanang sulok. Isang tatsulok ang dapat maiwan. Gupitin ang sobra at

meron ka nang pattern. Kapag nakagawa ka na ng ilang tatsulok sa mga makulay na papel, pwede mo silang ilagay kung saan-saan para mas magmukhang maganda.
Ngayon idikit ang mga tatsulok sa tali. Huwag maglagay ng espasyo sa pagitan ng bawat isa.




## KARTONG KAHON

Kumuha ng kartong kahon na magkakaiba ang laki, isang permanent marker, craft paper or brown paper at tape.
Balutin ang kartong kahon ng mga papel.
Palamutian ang kahon ng linya at mga salita gaya ng "helmet of salvation" o "gospel shoes" at pagpatungin ang ilang mga kahon para palamutian ang eksena.




## PARACHUTE SOLDIERS


Kailangan ng plastic soldiers, panala ng kape, karton, tape, at laso / tansi.
Pagdugtungin ang panala ng kape at ang plastic solder gamit ang laso. Sa itaas na bahagi ng panala, pwede kang magdikit ng isa pang piraso ng tape para isabit sila sa pinto ng iyong sala o kung saan mo gustong ipalamuti. Sa halip na tradisyunal "Kutamaya", ang mga sundalong ito ay may hawak ng iba't-ibang salita na nasa ARALIN sa programang ito: Pananampalataya, katotohanan, kapayapaan, kaligtasan, at iba pa.



## CANTEEN GAMIT ANG PLATONG PAPEL AT TUBO

Dalawang platong papel o 2 kartong bilog na may 10 cm na diametro, pandikit, gunting, brown at berdeng pintura o pirapirasong papel na iba't-ibang kulay ng berde at brown, sanitary paper tube (isang tubo lang ay sapat na para sa 2 bata) o pwede din ang plastik na bote ng soft drink, at laso.
**Panuto**:
Gumuhit ng U (capital) sa ayon sa laki ng papel na tubo sa bawat plato, siguruhing magkapareho sila, at gupitin ito.
Idikit ang papl na tubo sa plato kung saan ang ginupit na hugis "U". Ihanay ang isa pang plato sa itaas at idikit itong magkakasama.
Pwedeng mong palamutian sa 2 paraan. Una ay pinturahan ng berde at brown. At ang isa pa ay gamit ng mga piraso ng berde at brown na papel na magkakaibang tingkad at idikit sa gilid ng mga plato. Gumawa ng maliit na butas sa magkabilang gilid upang itali ang laso o tansi.

# MGA NAKAHANDANG MATERYALES




**AKLAT NG GURO**
10 ARALIN para sa lahat ng edad

**AKLAT NG MAG-AARAL**
Madali - edad 4-6
Katamtaman - edad 7-9
Mahirap - edad 10-12
Advanced - edad 13+







**POSTER AT FLYER**
Magimbita ng marami pang bata!




**CERTIFICATE**
Bigyan ang bawat bata ng certificate pagtapos ng programa





**INSIGNIAS / MGA NATATANGI**

- Pagdalo ng klase
- Takdang aralin sa Buhay
- Takdang aralin sa Pagbabasa
- Pagkakabisa ng "Armour verses"

**LIKHANG-SINING**
3 Likhang-sing biang suplemento sa mga gawain sa klase






## MGA AWITING MAY AKSYON

Mga orihinal na kanta para sa lahat ng 10 ARALIN

## DULA-DULAAN

Nakakatawang pagdudula para sa 10 ARALIN (walang salita/ walang wika)






## SOCIAL MEDIA

Hanapin ang aming social media para sa mas marami pang ideya at inspirasyon para sa ministeryong pambata.


YouTube facebook. WhatsApp

## WEBSITE

I-download ang lahat ng mga materyales na ito sa aming website, kasama ang materyal sa pagsasanay sa mga guro't lider.



## PAANO I-PRINT ANG MGA ITO:



# ARALIN 1

## PAMAGAT – ARALIN 1
Hindi nakikitang mundo

## KWENTONG BIBLIA – ARALIN 1
Pumasalangit si Hesus
Mga Gawa 1:1-11

## INSIGNIAS – ARALIN 1




Bawat bata ay makakatanggap ng base para sa 2 insignia, isa para sa pagdalo at isa sa pagbabasa at pagkakabisa.
Insignia para sa pagdalo ngayong araw:



Simula sa susunod na linggo, pwede nang madala ng naipon na rewards para sa pagbabasa, pagkakabisa, at pagtapos sa pinauwing takdang-aralin.

## DULA – ARALIN 1
Si Soldier Giggle at si Soldier Duty ay napalista sa militar. Si Soldier Giggle ay palagay na walang kaaway at nais lang magsuot ng magagarang gear, magpalakas, at magmukhang parang sa pelikula. Sinimulan ni Sergeant Upright ang paunang pagsasanay sa pagmamatsa na may pagsasalita ukol sa paglaban sa kaaway.

## KAKABISADUHING BERSIKULO – ARALIN 1
"Sa katapustapusa'y magpakalakas kayo sa Panginoon, at sa kapangyarihan ng kaniyang kalakasan. Mangagbihis kayo ng buong kagayakan ng Dios, upang kayo'y magsitibay laban sa mga lalang ng diablo". Mga Taga-Efeso 6:10-11

## MAIN ARALIN – ARALIN 1
**Mga Gawa 1:1-11**

May hindi na mundong nakapaligid sa atin at ito ay tunayl, kahit hindi natin ito nakikita. Gawa nang 'di natin makita ang hangin, pero nakikita natin ang paggalaw ng mga puno sa pag-ihip ng hangin sa mga dahon, gayundin sa espirituwal na mundo. Isa sa mga propeta sa Lumang Tipan, si Elisha, ay nagbibigay sa atin ng dakilang halimbawa sa pagkakita ng 'di-nakikitang mundo. Mayroong digmaan ang magsisimula sa pagitan ng Aram at Israel. (2 Mga Hari 6:8-23) Isang gabi, ang mga sundalo ng kaaway ay pumalibot sa lungsod, at nang makita sila ng lingkod ni Elisha's, siya ay sobrangg natakot. Ngunit ang propeta at nagsalita sa kanyang lingkod na huwag matakot dahil mas marami sila kaysa sa mga kalaban. At nanalangin si Elisha para buksan ang mata ng kanyang lingkod, at minasdan nya at nakita ang mga burol na puno ng mga kabayo at karwaheng apoy sa paligid nila! Ang Diyos ay may napakalaking di nakikitang hukbo na nagpoprotekta sa Kanyang propeta!

Ang espiritwal na digmaang ito ay nangyayari sa paligid natin, kahit hindi natin nakikita. Ginagawang malinaw ng Biblia na si Satanas ay umiiral at sumusubok na makuha tayo para isawalang-bahala ang katotohanan ng Espiritwal na kaharian. Sa kwentong Biblia ngayong araw, mula sa akalat ng Gawa, Si Hesus ay pumasalangit. Paniwalaan niyo ako, ang langit at impyerno at totoo. Dito sa tunay na

makasaysayang pangyayari, matapos na pumasalangit ni Hesus, may dalawang nagpakitang anghel sa mga disipulo! Mahirap sa ating isipin ma tinutulungan tayo ng mga anghel o inaatake tayo ng diyablo, ngunit ang mga bagay na ito ay higit na totoo kaysa sa mga bagay na ating nakikita. Tumalon tayo dito sa pag-aaral sa Kutamaya ng Diyos at higit na matutunan ang 'di-nakikitang mundo. Nasa digmaan tayo, gusto man natin o hindi. Samakatuwid, suotin natin ang buong Kutamaya ng Diyos habang lumalaban sa kaaway!

## BOOT CAMP – ARALIN 1

### TAKDA ARALIN – ARALIN 1



Gumuhit ng larawan ng iyong sarili kasama ang isang anghel na tumutulong sa iyo sa kahit anong paraan. Mag-isip ng ilang delikadong lugar at nakakatakot na pangyayari na kinaharap mo.

### TAKDANG ARALIN (NAKATATANDANG MAG-AARAL) – ARALIN 1

Basahin ang Gawa 1-4


## POWERPOINT / PAGPAPASYA – ARALIN 1

"Punipili kong maniwala sa 'di-nakikitang mundo at kunin ang buong Kutamaya ng Diyos."

## MGA TANONG AT MGA SAGOT – ARALIN 1

1. Ano ang mga ebidensya na nakita mo na nagpapatunay sa 'di-nakikitang mundo ng mabuti at masama?
Hikayatin ang iyong mga mag-aaral na magkwento ng mga kwento ng mga taong dapat ay lubhang nasaktan sa isang aksidente o karamdaman ngunit nakaligtas na walang permanenteng pagkasira. Ang mga panaginip at "kutob" ay minsan nagtuturo sa atin para makapili ng mas mainam na kaya natin sa ating mga sarili kahit walang tulong ng iba. Minsan, ang takot ay nawawala sa atin kapag ito ay walang kahulugan, at pwede nating sabihin kay Satanas na iwan tayong mag-isa at mapapayapa muli tayo.
2. Nakakita ka na ba ng ibang taong nakagawa ng kamalian at parang hindi napoproteksyunan ng Kutamaya ng Diyos? Maglahad ng ilang kwento.
Ito ay para mabahagi ng mag-aaral ang kanilang karanasan na makakit at matanto na kung wala ang Kutamaya, madali lang magkamai at magkasala. Huwag gumamit ng tunay ng pangalan! Hikayatin ang mga mag-aaral na magsalita patungkol sa kakilala nila na noon ay mahal si hesu at pumupuntang simbahan, ngunit ngayon ay hindi na.
3. Ano sa tingin mo ang itsura ng espiritwal na digmaan sa paligid natin?
Saysayin ang mga halimbawa ng mga anghel at demonyo na mkikita sa Biblia. (Halimbawa: Daniel 7, 9:21-23, at 10:5-14)
4. Sino ang nangako na si Hesus ay babalik kagaya ng kung paano Siya umalis?
(May dalawang lalaking nakasuot ng puti, maaaring mga anghel.)
5. Punan ang patlang mula sa Mga Gawa 1:8: Datapwat inyong tatanggapin ang…
_______________________________________________. Anong kahulugan nito sa atin ngayon?
(sa Herusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kaduluduluhang hangganan ng lupa. Kailangan nating masaksihan, upang ipamalita sa mga tao ang tungkol kay Hesus saanman magtungo.)

## LARO: REVOLUTION – ARALIN 1



### MATERIYALES
Mga piraso ng papel, lapis, mga lobo, at musika (opsyonal.)

### MGA PAGHAHANDA
Isulat ang mga pamagat ng mga susunod na 9 ARALIN sa mga piraso ng papel.
Ilagay ang papel sa loob ng lobo at paloobohin ito at isara.


### PAGLALARO
1. Amg mga mag-aarala ay gagawa ng bilog at ipapasa isang lobo paikot. (Ang una ay magpapasa sa itaas ng ulo, ang ikalawa ay ipapasa sa pagitan ng kanyang mga hita, etc.) hanggang sumigaw o pumito ang guro nang malakas. (Pagpipilian: Magpatugtog ng masayang kanta habang pinapasa ang lobo.)
2. Kapag sumigaw ay guro, ang mag-aaral na may hawak ng lobo ay pupunta sa gitna at puputukin ito gamit ang paa. Tapos, at kukunin ng mag-aaral ang papel at baabsahin nang malakas sa iba.
Ipagpatuloy hanggang matapos lahat ng lobo.

### MGA PAGPIPILIAN
1. Kung maraming mag-aaral, pwedeng bumuo ng ilang bilog, o magpasa ng higit sa isang lobo nang sabay.
2. Kasam ng mga pamagat, pwede ding maglagay ng candies o iba pang ipapagawa sa lobo (gaya ng pagtakbo paligid ng simbahan nang isang beses, etc.)

## SAGOT SA MGA PALAISIPAN – ARALIN 1

| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| H | E | R | U | S | A | L | M | E | T | U | B | O | G |
| N | A | H | I | R | A | Y | G | N | A | P | A | K | G |
| A | I | L | M | G | A | S | A | K | S | I | M | I | M |
| B | W | N | A | H | A | W | A | M | G | E | B | P | G |
| A | A | B | U | N | I | Y | P | A | L | U | W | A | A |
| U | R | B | A | I | G | B | O | A | T | A | Y | M | N |
| N | A | B | A | U | T | I | S | M | U | H | A | N | H |
| T | A | S | P | W | U | U | T | I | R | I | P | S | E |
| I | G | A | Y | U | R | N | O | B | U | K | K | A | S |
| S | M | K | I | E | L | A | L | U | A | G | M | Y | U |
| M | K | A | H | A | R | I | A | N | N | W | P | O | S |





# ARALIN 2

## TITLE – ARALIN 2
Pakikitaglaban sa kadiliman

## KUWENTO SA BIBLIA – ARALIN 2
Nasa bilangguan sila Pablo at Silas
Mga Gawa 16:16-31

## INSIGNIAS – ARALIN 2




Insignia para sa pagdalo ngayong araw:

Bawat mag-aaral na nakagawa ng nakaraang linggong takdang-aralin sa "boot camp" ay makatatanggap ng "ribbon":



Bawat mag-aaral na nakatapos ng takdang-pagbabasa noong nakaraang linggo mula sa Mga Gawa ay makakatanggap ng bituin.

Bawat mag-aaral na makakapagbigkas ng kakabisaduhing bersikulo noong nakaraang linggo ay makakatanggap ng bituin.

## DULA – ARALIN 2
Si Soldiers Duty at Giggle ay papasok na nakikipagtalo sa isa't-isa. Isinabak ni Sergeant Upright sina Soldiers Giggle at Duty na pagdaan ang obstacle course, at sila ay iniinis nila ang isa-t-isa sa buong kurso. Pagtapos nila sa obstacle course, nagtalo muli sila. Inihinto ni Sarhento ang pagtatalo, pinangaralan sila na ang kanilang labanan ay hindi laban sa isa't-isa ngunit laban sa kaaway.

## KAKABISADUHING BERSIKULO – ARALIN 2
"Sapagka't ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadilimang ito sa sanglibutan, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan". Mga Taga-Efeso 6:12

## PANGUNAHING ARALIN – ARALIN 2
**Mga Gawa 16:16-31**

Hindi tayo nakikipaglaban sa mga tao kundi sa diyablo at sa kaniyang mga pamunuan ng kadiliman. Gusto ng dyablo na magsanhi ng 'di-pagkakaunawaan at ginagamit ang mga tao upang saktan ang isa't-isa, pero kailangan nating tandaan na ang pakikipaglaban natin ay laging laban sa kanya! Ang ating mundo ay isang natisod na lugar, at bilang mga tao, kadalasan tayong nagkakasala sa isa't-isa. Ngunit pagkatandaan na hindi dapat tayo nakikipag-away sa isa't-isa, dahil tayo ay pwedeng mahulog sa mga bitag ng kaaway.
Mahal ng Diyos ang bawat isa, kahit nagkakamali tayo. Nagpapasalamat tayo sa habag ng Diyos sa ating sariling buhay kapag tayo ay nagkakamali, kaya kaliangang mahabag din tayo sa iba. Minsan, inililiko ng kaaway ang ating mga salita at gawa, kaya sobrang nagagalit tayo sa isa't-isa. Gayun pa man, mahal ng Diyos ang bawat isa, at ganun din dapat tayo.

Sa kentong Bibilya ngayong araw mula sa aklat ng Mga gawa, si Pablo at si Silas ay itinapon sa bilanggan. Malupit ang mga bantay sa kanila, kahit wala naman silang ginawang mali. Gayun pa man, noong pinalaya sila ng Diyos, hindi sila gumanti sa mga bantay, bagkus ay nahabag sila sa kanila, dinala ang bantay at ang kanyan buong pamilya tungo sa Panginoon! Pwedeng sisihin nila Pablo at Silas ang bantay para sa kasamaang ginawa sa kanila, pero naalala nila na ang kanilang paglaban ay tungo sa dyablo at hindi tungo sa tao. Tandaan na dapat nating suotin ang Kutamaya ng Diyos, upang labanan ang espiritwal na kadiliman at hindi ang ating mga kapwa tao!

## BOOT CAMP – ARALIN 2

### TAKDANG ARALIN – ARALIN 2



Maging alerto sa mga gawa at salita ng mga taong nakapaligid sa iyo at kilalanin ang mga espiritwal na atake. Kapag nakita o narinig mo ang isang tao na nagiging masama sa iba, alamin kung gaano kasaya si Satanas at kung gaano kalungkot ang Diyos. Maghanda magkwento sa guro kung anong nangyari, nang hindi gumagamit ng pangalan.

### TAKDANG ARALIN (NAKATATANDANG MAG-AARAL) – ARALIN 2

Basahin ang Mga Gawa 5-7


## POWERPOINT / PAGPAPASYA – ARALIN 2

"Pilipili kong lumaban sa kaaway, at hindi sa mga taong nakapaligid sa akin."

## MGA TANONG AT MGA SAGOT – ARALIN 2

1. Anong kahulugan ng mga salitang ito? "kapangyarihan, awtoridad, at kapangyarihan, na namumuno sa sanlibutan ng kadiliman at masamang espiritwal na puwersa." Efeso 6:12
Ito ay para ipabatid sa kanila na tayo ay nasa isang digmaan, at ang dyabloat ang lahat ng kanyang demonyo ay tunay, kahit hindi natin sila nakikita. 1 Pedro 5:8; Apokalipsis 12:9
2. Ano ang ilang mga halimbawa na tayo ay nakikipaglaban sa mga tao kaysa sa mundo ng kadiliman?
Halimbawa: kapag pinagtatawanan ka ng isang tao habang nagbabasa ka o nagpapahayag ng Salita. Kapag tayo ay mapagkumbababa, pero tingin ng mga tao ay mahina tayo. Hayaang magbigay ng halimbawa ang mga mag-aaral.
3. Bakit nais ng Diyos na malaman natin ang Kutamaya ng Diyos?
Nais Niyang malaman natin na Siya'y palagi nating kasama at hindi hinahayaang tumayo tayong mag-isa sa mundong ito. Sinasangkapan tayo ng lahat ng ating kailangan upang labanan ang dyablo. Sinasabihan tayong "suoting ang kutamaya" dahil pwede nating tanggihan ang Kanyang tulong at subukang gawin ito sa sarili nating kakayahan.
4. Anong masakit na karanasan ang nangyari kila Pablo at Silas bago sila itinapos sa bilangguan?
Sila ay binugbog gamit ang mga stick sa publiko. Mga Gawa 16:22-23,37
5. Ano ang sagot sa katanungan ng bantay, "Anong aking gagawin upang maligtas?"
Sinabihan nila siyang, "manampalataya ka sa Panginoong Hesu-Kristoat ikaw ay maliligtas" Mga Gawa 16:31

## LARO: ANG LABANAN – ARALIN 2



### MATERYALES

Maliit na bola ng sinulid(yarn) para sa bawat grupo na may 6 na mag-aaral

### PAGLALARO

1. Bilangin ang mga mag-aaral para makabuo ng grupo na may 4-6 na miyembro at ihanay sila, may malaking pagitan ang bawat grupo.

2. Sabihin sa mga mga mag-aaral na minsan ginagamit ng dyablo ang mga tao para igapos tayo, ganun pa man, ang dyablo pa rin ang kalaban natin. Sa larong ito, tayo ang gagapos sa ating mga sarili, pero para pakawalan ang ating mga sarili, kailangan nating tanggalin ang yarn at dapat hindi makipag-away sa iba.
3. Ibigay ang maliit na bola ng yarn sa nasa unahan ng bawat hanay. Hihilahin ng unang bata ang dulo ng yarn at ipapasa palibot sa buong hanay hanggang maabot ang dulo, ang huling bata ang magpapasa patalikod papuntang simula.
4. Kapag naubos na ng bawat pangkat ang kanilang yarn, kailangan nilang makawala sa bitag ng kaaway, at makawala mula sa yarn. Ang unang pangkat na makawa ang siyang mananalo.


**IBANG PAGPIPILIAN**


Maaaring mabigay ng premyo o palakpakan ang grupo na nakawala na hindi nakikipag-away sa isa't-isa.

## SAGOT SA MGA PALAISIPAN – ARALIN 2

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | M | P | A | N | A | L | T | G | I | N |
| N | A | S | A | T | G | I | L | A | K | M |
| I | N | S | B | B | W | A | P | Z | G | G |
| G | A | O | E | A | I | N | A | A | A | A |
| N | L | L | M | G | A | L | B | P | N | P |
| A | A | U | I | M | U | I | L | I | E | I |
| L | N | W | L | P | L | R | O | N | D | N |
| A | G | I | I | A | I | O | U | L | A | T |
| N | I | T | N | G | B | N | D | H | K | U |
| A | N | G | D | S | I | L | A | S | A | A |
| P | G | G | O | P | M | G | A | A | G | N |
| O | Z | S | L | N | A | K | U | P | M | U |





# ARALIN 3

## TITLE – ARALIN 3
Panindigan mo ang iyong pwesto

## KUWENTO SA BIBLIA – ARALIN 3
Kamatayan ni Esteban
Mga Gawa 6:8-15, 7:51-60

## INSIGNIAS – ARALIN 3
Insignia para sa pagdalo ngayong araw:
Bawat mag-aaral na nakagawa ng nakaraang linggong takdang-aralin sa "boot camp" ay makatatanggap ng "ribbon": 


Bawat mag-aaral na nakatapos ng takdang-pagbabasa noong nakaraang linggo mula sa Mga Gawa ay makakatanggap ng bituin.

Bawat mag-aaral na makakapagbigkas ng kakabisaduhing bersikulo noong nakaraang linggo ay makakatanggap ng bituin.




## DULA – ARALIN 3
Inutusan ni Sergeant Upright sina Soldier Giggle at Soldier Duty na manatiling nakatayo bilang pagbibigay atensyon. Gumawa ng malakas na ingay si Sergeant Upright sa likod ng mga sundalo. Tumalon sila at tumakbo papalayo. Noong ikalawang beses nang sila ay matakot, tumalon sila sa ibabaw ng isa't-isa. Noong ikatlong beses, gumamit ang Sarhento ng kawali para gumawa ng malakas na ingay. Sa wakas, hindi natinang ang mga sundalo dahil sa pagsunod nila sa utos ng Sarhento..

## KAKABISADUHING BERSIKULO – ARALIN 3
Dahil dito magsikuha kayo ng buong kagayakan ng Dios, upang kayo'y mangakatagal sa araw na masama, at kung magawa ang lahat, ay magsitibay. Mga Taga-Efeso 6:13

## PANGUNAHING ARALIN – ARALIN 3
**Mga 6:8-15, 7:51-60**

Habang inaaral natin ang Kutamaya ng Diyos at ang aklat ng Mga Gawa, mahalagang malaman natin na isinusot natin ang Kutamaya ng Diyos habang isinasabuhay ito. Hindi ka maaaring manalangin na suotin ang bigkis ng katotohanan. Habang nagsasabi ka ng totoo, at naniniwala sa katotohanan ng Diyos sa loob ng iyong puso, ang iyong bigkis ng katotohanan ay suot mo na. Ni manalangin na buhatin ang kalasag ng pananampalataya. Kung nabubuhay ka na may pananampalataya, naniniwala sa mga sinasabi ng Diyos at hindi sa sinasabi ng mga tao, meron ka nang kalasag ng pananampalataya sa iyong kamay at ginagamit mo ito panangga laban sa kaaway. Ang prinsipyong ito ay parehas para sa iyong paninindigan. Hindi ka pwedeng manalangin ng mga tiyak na parirala ng panalangin para manindigan. Kung nananampalataya ka sa Diyos at hindi sumusuko, ikaw ay naninindigan.
Si Esteban ay isang dakilang halimbawa para sa aitn sa kwentong Biblia ngayong araw mula sa aklat ng Mga Gawa. Siya ay matuwid at marunong na tao, na patuloy na sumusuot sa kanyang kutamaya. Nang sumiklab ang relihiyosong pagsalungat laban sa kanya, matatag siyang nanindigan sa kanyang pananampalataya, kahit na nangangahulugan ito ng tiyak na kamatayan para sa kanya.

Lubhang nagagalit ang mga relihiyosong namumuno sa kanya dahil sa pagpapahayag niya tungkol kay Hesus at pinukaw nila ang madla tungo sa karahasan at kalaunan ay ang pagbato kay Esteban hanggang kamatayan. Sa buong kasaysayan ng Biblia, matatag na nanindigan si Esteban sa kanyang pananampalataya, at hindi nagbago ang kanyang opinyon base sa opiniyon ng masa. Kung nananampalataya ka sa Diyos at laan para magdusa dahil dito, ikaw ay naninindigan, at matatag na nakatayo habang nakasuot ng buong Kutamaya ng Diyos!

## BOOT CAMP – ARALIN 3

### TAKDANG ARALIN– ARALIN 3



Magdala ng Biblia sa paaralan at huwag itong itago sa iyong backpack o bag.
Manindigan sa iyong pananampalataya at huwag mahihiya na ikaw ay isang Kristiyano.

### TAKDANG ARALIN (NAKAKATANDANG MAG-AARAL) – ARALIN 3

Basahin ang Mga Gawa 8-10


## POWERPOINT / PAGPAPASYA – ARALIN 3

"Pinipili kong matatag na minindigan."

## MGA TANONG AT MGA SAGOT – ARALIN 3

1. Ano ang mga mataas at mababang sitwasyon sa buhay ng tao?
Halimbawa: Nakakuha ng mataas na marka ang isang mag-aaral at isa naman ay hindi. Ang isang tao ay pwedeng maging napakasaya ngayon at bukas ay malungkot. Isang tao na napakayaman at biglang nalugi at naging mahirap. Isang tao na nagsabing malakas siya at hindi nagkakasala, ngunit napag-alaman na siya ay nagkaroon ng mahalay na pagkakasala.
2. Kailan natin kailangang manindigan laban kay Satanas?
Kapag tayo ay tinutukso upang magsinungaling. Kapag tayo ay hinihimok ninoman na pumasok sa isang lugar na hindi pwedeng pasuki ng mga bata, o kapag nais nating kunin ang isang lapis na gusto natin. Dapat ay lagi tayong matatag dahil tayo ay palaging nasa digmaan.
3. Anong pinakamahalagang gawin para matatag na makapanindigan tayo?
Matutunang mamuhay sa paraang palagiang sumusuot sa Kutamaya ng Diyos.
4. Sino ang kinilalang may mukhang gaya ng anghel noong siya ay maling inakusahan?
Steven / Esteban
5. Anong kanyang sinabi bago mamatay?
“Panginoon, huwag Mong iparatang ang kasalanang ito laban sa kanila!” Mga Gawa 7:56, 59-60

## LARO: ANG PAKIKIPAGLABAN – ARALIN 3



## MATERIYALES

Bola, masking tape

## PAGHAHANDA

Markahan ang pwesto ng mga manlalaro sa sahig o lupa.

## PAGLALARO


1. Hatiin ang klase sa dalawang grupo, kung higit sa 20 ang mag-aaral pwedeng salitang laruin ito na hindi hihigit sa 8 manlalaro kada pangkat.
2. Ang mga manlalar ay nakapwesto sa mga marka na inilagay kanina sa sahig o lupa na magkakalayo nang kahit isang brasong-layo.
3. Malumanay na ihahagis ng guro ang bola. Ang isang grupo ay susubukang ipasok ang bola sa goal sa kabilang dako, at gayundin ang kabilang grupo na ang goal ay sa kabilang dako.
4. Hindi pwedeng gumalaw ang mga manlalaro mula sa kanilang pwesto at pwede lang umikot, ginagalaw ang isang paa sa isang pagkakataon hanggang maka-goal sila.

## IBANG PAGPIPILIAN


1. Pwedeng laruin it sa loob at markahan ang sahig gamit ang coloured tape.
2. Pwedeng nakaupo sa silya ang mga manlalaro kaysa nakatayo.

## SAGOT SA MGA PALAISIPAN – ARALIN 3

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | N | A | N | A | L | A | S | A | K | A | D |
| M | G | A | B | A | L | A | B | A | L | G | E |
| E | H | A | H | P | B | K | L | U | N | S | P |
| S | E | N | E | A | A | E | S | I | T | L | E |
| P | S | O | S | L | S | G | G | E | P | U | N |
| I | U | O | U | B | U | N | B | U | I | N | A |
| R | P | N | S | A | A | A | E | A | R | G | S |
| I | A | I | H | L | N | A | H | P | T | S | H |
| T | A | G | A | A | K | U | S | A | E | O | A |
| U | G | N | U | N | A | N | O | O | T | D | N |
| S | A | A | A | G | B | T | I | G | N | A | L |
| N | A | P | U | K | A | N | A | N | O | A | B |







# ARALIN 4

## TITLE – ARALIN 4
Bigkis ng Katotohanan

## KUWENTO SA BIBLIA – ARALIN 4
Si Ananias and Sapphira
Mga Gawa 5:1-10

## INSIGNIAS – ARALIN 4

Insignia para sa pagdalo ngayong araw:




Bawat mag-aaral na nakagawa ng nakaraang linggong takdang-aralin sa "boot camp" ay makatatanggap ng "ribbon": 


Bawat mag-aaral na nakatapos ng takdang-pagbabasa noong nakaraang linggo mula sa Mga Gawa ay makakatanggap ng bituin.

Bawat mag-aaral na makakapagbigkas ng kakabisaduhing bersikulo noong nakaraang linggo ay makakatanggap ng bituin.

## DULA – ARALIN 4
Nagmamalaki si Soldier Giggle na hindi naman totoo kay Soldier Duty sa kanilang barracks, at nakalimutan niya aang kanyang sinturon. Sa isang misyong pagsasanay, patuloy na nanghihiram si Soldier Giggle ng kagamitan kay Soldier Duty. Noong tanungin ni Sergeant Upright si Giggle tungkol sa kanyang sinturon, siya ay nagsinungaling. Sa huli, umamin si Giggle kay Sarhento na naiwan niya ang kanyang sinturon, at humingi ng patawad kay Duty dahil sa pagsisinungaling, at bumalik upang kunin ang kanyang sinturon.

## KAKABISADUHING BERSIKULO – ARALIN 4
"Magsitibay nga kayo, na ang inyong mga baywang ay may bigkis na katotohanan, na may sakbat na baluti ng katuwiran." Mga Taga-Efeso 6:14a

## PANGUNAHING ARALIN – ARALIN 4
**Mga Gawa 5:1-10**

Ang unang piraso ng Kutamaya na binanggit sa Efeso kapitulo 6 ay ang bigkis ng katotohanan, isang bagay na itinatali palibot sa baywang ng isang sundalo na siyang hahawak sa buong Kutamaya. Ang bigkis ang siyang hahawak sa kutamaya ng sundalo, tatangan sa tabak sa lugar, at isang bagay na hindi huhubarin ng sundalo. Sa katunayan, kung walang bigkis ng katotohanan ang isang sundalo, siguro, kahit ang kanilang kasuotan ay malalaglag, at mapapahiya sila sa harapan ng lahat!
Isang bahagi ng katotohanan ay ang kung ano ang lumalabas sa iyong bibig. Kailangan nating maging mga Kristiyanong nagsasalita lamang ng katotohanan, hindi nagsisinungaling sa ating mga magulang o sa Diyos. Ngunit isa pang bahagi ng bigkis ng katotohanan ay ang piliin nating maniwalag sa Diyos at sa Kanyang Salita. Ang katotohanang ang ating kaaway, ang dyablo, ay palaging nagsisinungaling at minamanipula tayo sa paniniwala sa mga bagay na hindi totoo.

Sa kwentong Biblya ngayong araw, si Ananias at Sapphira ay nagsinungaling at hindi naging tapat sa mga disipulo. Nagkuwari sila na ipinagbili nila ang kanilang ariarian para sa halaga na mas mababa kaysa sa kanilang natanggap. Naniwala sila sa kaaway na nagpaisip sa kanila na hindi makikita ng Diyos o hindi malalaman ang detalye ng kanilang pagbenta. Ngunit, nakikita ng Diyos ang lahat ng bagay. Ang mga disipulo ay kinatawan ng Diyos. Dahil nagsinungaling sila sa mga disipulo, nagsinungaling din sila sa Diyos. Itinago nila ang katotohanan sa kanilang pagbenta dahil nais nilang maniwala sa mga kasinungalingang ibinulong ng dyablo sa kanilang mga tainga. Anong mga kasinungalingan ang iyong pinaniwalaan na maaaring makapagpalaglag ng iyong kutamaya? Mahalaga ba na lagi nating suotin ang bigkis ng katotohanan sa laging pagsasabi ng totoo at laging naniniwala sa katotohanan tungkol sa Diyos at Kanyang Salita?

## BOOT CAMP – ARALIN 4

### TAKDANG ARALIN – ARALIN 4



Mag-isip ng kasinungalingang na iyong nasabi at isulat ito. Ayos lang kahit hindi masyadong kamakailan lang, kahit noong munti ka pa. Ngayon, ilista ang lahat ng mga kasinungalingang sumunod para mapanatili ang unang kasinungalingan para hindi mabisto. Isulat kung sino ang nasaktan sa kasinungalinang iyon?

### TAKDANG ARALIN (NAKAKATANDANG MAG-AARAL) – ARALIN 4

Basahin ang Mga Gawa 11-13

## POWERPOINT / PAGPAPASYA – ARALIN 4

"Pinipili kong mamuhay nang tapat."

## MGA TANONG AT MGA SAGOT – ARALIN 4

1. Kung hindi ka matapat, anong nangyayari sa bigkis ng katotohanan? Makakaapekto ba ito sa ibang bahagi ng kutamaya?
Ang bigkis ng katotohanan ay hindi nakasuot kapag tayo ay nagsisinungaling o hindi matapat, at ang mamuhay sa ganitong paraan ay makakasira sa ating buong buhay. Ang sinturon/bigkis ang siyang tumatangan sa iyong pantalon at ibang bahagi ng kutamaya. Kung walang katapatan, hindi na tayo paniniwalaan ng mga tao.
2. Anong tiyak na sitwasyon kung saan hindi ka "nagsisinungaling" pero hindi ka rin nagiging "tapat"?
Hayaan ang mga mag-aaral na mag-isip ng ganoong sitwasyon. Halimabawa: Pumasok ka sa paaralan pero hindi ka nag-aral o gumawa ng takdang-aralin. Sinasabi mo sa iyong magulang na kasama mo ang iyong mga kaibibganpero hindi mo sinasabi kung anong ginagawa mo kasama nila. O ipinasa mo ang iyong pagsusulit nang may mataas na marka pero hindi mo sinabing kinopya mo ang mga sagot ng iyong kaibigan.
3. Anong ang bunga ng pagsisinungaling?
Nasisira ang tiwala Halimbawa: nagsinungaling ka sa iyong ina, kapag nahuli ka niya sa kasinungalingan, hindi na siya magtitiwala sa mga sasabihin mo kahit na ito ay totoo sa mahabang panahon. Isa pang bunga ay ang pahihirap mo sa pagtanda sa kasinungalingan at panatilihin ang kwentong ito sa lahat ng oras. Hindi madali ito. Kapag nadulas ka minsan, makikilalaa ka bilang isang sinungaling.
4. Paano ikinwento nina Ananias at Sapphira ang parehong kwento tungkol sa kanilang pagbenta ng kanilang ari-arian kahit na 3 oras na magkahiwalay silang nakipag-usap kay Pedro?
Ang kwentong ito ay pinagplanuhang kasinungalingan: pinag-isipan. Mga Gawa 5:2, 9
5. Kanino nagsinungaling sina Ananias at Sapphira? Kapag nagsisinungaling ang mga tao ngayon, kanino sila nagsisinungaling?
Akala nila na kay Pedro, pero sinabi nilang ito ay sa Diyos.
Mga Gawa 5:4

## LARO: ANG LABANAN – ARALIN 4

### MATERIYALES

Pito

### PAGLALARO



Ang mga bata ay tatayo sa isang hanay na nakaikot paharap. (Nag-iiwan ng layo sa pagitan ng guro at mga bata na 'di bababa sa 12 metro) Ang guro ay pupunta sa kabilang dako at sisigaw ng "takbo". Tatakbo ang mga bata tungo sa guro. Ang guro ay sisigaw ng "Tigil" at lahat ng bata ay hihinto na parang nagyeyelo. Sisigaw ng "talikod" at ang mga bata ay iikot ... tapos "takbo" at sila ay tatakbo sa kabilang direksyon. Sumigaw ng iba't-ibang bagay (tumakbo ng mabagal, lundag, atbp.). Ang unang bata na makaabot sa guro, siya ang magiging bagong tagapagpahayag, at magsisimula muli ang laro.

### IBANG PAGPIPILIAN

1. Pumito bago magsalita ng utos, para makinig ang mga bata sa susundin nila (para hindi na kailanganing sumigaw nang malakas).
2. Kung maliit lang ang espasyo, pwedeng maglakad na lang ang mga bata kaysa tumakbo.

## SAGOT SA MGA PALAISIPAN – ARALIN 4

Magsulat ng 5 katotohanan ng Diyos sa iyong buhay.

Mga Ideya:
Inaalagaan ako ng Diyos.
Binibigyan-lakas ako ng Diyos.
Ang Diyos ang aking katuwang.
Tinutupas ng Diyos ang Kayang pangako.
Kasama ko ang Diyos bawat sandali ng aking buhay.


---

Magsulat ng 5 halimbawa kailan mo naisusuot ang bigkis ng katotohanan sa iyong buhay.

Mga Ideya:
Kapag gumagawa ng mali ang kaibgan at alam ko ang tungkol dito.
Sabihin ang katotohanan sa guro.
Kung tinanong ako kung ako ay nandaya sa pagsusulit.
Hindi pinapalaki ang mga kwento.
Kapag nagkakamali ako, tinataggap ang aking pagkakasala.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | A | P | A | N | G | Y | M | A | R | I | H | S | A | N |
| A | S | A | W | A | N | N | G | B | A | B | E | A | B | E |
| W | A | N | A | H | I | R | A | Y | G | N | A | P | A | K |
| E | A | B | A | B | G | N | A | W | A | S | A | I | W | A |
| A | S | A | L | A | I | S | P | E | T | R | O | R | N | N |
| P | R | P | E | D | R | O | O | S | Y | O | S | A | I | A |
| O | O | I | I | Y | T | I | S | P | D | I | N | G | L | N |
| S | D | Y | A | R | E | S | T | I | R | I | T | U | I | A |
| T | O | W | A | R | I | A | O | A | A | W | Y | T | B | I |
| S | A | L | A | P | I | T | L | S | O | S | U | P | I | S |
| L | I | B | I | N | G | A | U | A | P | I | R | S | N | T |
| N | A | G | S | I | N | U | N | G | A | L | I | N | G | O |






Inaalagaan ako ng Diyos.
Binibigyan-lakas ako ng Diyos.
Ang Diyos ang aking katuwang.
Tinutupas ng Diyos ang Kayang pangako.
Kasama ko ang Diyos bawat sandali ng aking buhay.

Kapag gumagawa ng mali ang kaibgan at alam ko ang tungkol dito.
Sabihin ang katotohanan sa guro.
Kung tinanong ako kung ako ay nandaya sa pagsusulit.
Hindi pinapalaki ang mga kwento.
Kapag nagkakamali ako, tinataggap ang aking pagkakasala.

# ARALIN 5

## TITLE – ARALIN 5
Baluti ng Katuwiran

## KUWENTO SA BIBLIA – ARALIN 5
Si Cornelius
Mga Gawa 10:9-23

## INSIGNIAS – ARALIN 5
Insignia para sa pagdalo ngayong araw:
Bawat mag-aaral na nakagawa ng nakaraang linggong takdang-aralin sa "boot camp" ay makatatanggap ng "ribbon": 

Bawat mag-aaral na nakatapos ng takdang-pagbabasa noong nakaraang linggo mula sa Mga Gawa ay makakatanggap ng bituin.
Bawat mag-aaral na makakapagbigkas ng kakabisaduhing bersikulo noong nakaraang linggo ay makakatanggap ng bituin.




## DRAMA – ARALIN 5
Nakatanggap sina Soldiers Giggle at Duty ng kanilang pebble-proof vests. Nagsimula si Soldier Giggle ng laro kasama ni Soldier Duty kung saan patatamaan nila ang isa't-isa sa kanilang vest. Syempre, suot ang hindi sila nasaktan. Habang nagsasanay, binigyan sila ni Sergeant Upright ng squishy "pebbles" at hinati sila sa dalawang pangkat. Nakalimutan ni Giggle ang kanyang vest. Nagsimula ng pagsasanay, pauloy siyang natatamaan ng squishy pebbles.

## ISASAULONG BERSIKULO – ARALIN 5
"Magsitibay nga kayo, na ang inyong mga baywang ay may bigkis na katotohanan, na may sakbat na baluti ng katuwiran." Mga Taga-Efeso 6:14

## PANGUNAHING ARALIN – ARALIN 5
**Mga Gawa 10:9-23**

Ang susunod na bahagi ng Kutamaya ng Diyos sa Efeso kapitulo 6 ay ang baluti ng katuwiran. Ang katuwiran ay pagpapakita ng makadiyos na ugali, o paggawa ng tama, mabuti at tapat. Ang kumilos na patuloy na gumagawa nng tama sa harapan ng Panginoon ang nagpapanatili ng ating baluti ng katuwiran sa lugar. Hinihiling ng Diyos sa atin na maging marunong at gawin ang tama. Kapag ginawa natin, nakasisigurong nakasuot sa atin ang baluti, at mapoproktektahan ang ating puso habang nasa digmaan. Mayroong isang bagay na napakahalaga sa baluti, tinatakpan nito ang ating puso at mga mahalagang organ, pero sa harap lang. Kapag suot natin ito, pwede tayong masugatan pero makakatayo pa rin at makakapagpatuloy. Gayunpaman, kailangan nating harapin ang labanan dahil tinatakpan lang ng baluti ang ating harap. Hindi tayo nito mapoprotektahan kung tayo ay tatalikod, tatakbo sa pag-atras.
Ano ang maka-Diyos na ugali at katuwiran? Paano natin malalaman na mayroon tayo nito? Sinasabi ng Biblia na si Cornelius ay isang matalino at may-takot sa Diyos na tao na mapagbigay at nananalangin palagi. Sinasabi din ng Biblia na iginagalang siya ng lahat ng mga Hudyo. Makikilala ka ng ibang tao kapag ikaw ay matuwid, sapagkat sa oras ay malinaw na nakikita. Si Cornelius ay nagkaroon ng kanyang baluti

ng katuwiran. Sa panahong iyon, labag sa batas para sa mga Hudyo na makisalamuha sa mga Gentil o bisitahin rin sila. (Mga Gawa 10:28) Nagpadala ang Diyos nagpadala kay Pedro ng isang pangitain upang siya ay makapagbahagi ng ebanghelyo kay Cornelius. Sapagkat si Cornelius ay isang makadiyos na tao, nagpadala ang Diyos (kahit labag sa batas) upang mailigtas siya at ang kanyang buong pamilya!

## BOOT CAMP – ARALIN 5

### TAKDANG ARALIN – ARALIN 5



Sino ang kilala mo at iginagalang dahil sa paraan ng pamumuhay nila at pakikitungo sa iba? (Tulad ni Cornelius sa kwento ng Biblia ngayon.) Sumulat ng isang pangungusap na nagsasabi sa isang katibayan ng kanilang mabuting pamumuhay, at pagkatapos ay sabihin sa kanila ang tungkol dito.

### TAKDANG ARALIN (NAKATATANDANG MAG-AARAL) – ARALIN 5

Read Acts 14-16


## POWERPOINT / PAGPAPASYA – ARALIN 5

" Pinipili kong laging gawin ang tamang bagay."

## MGA TANONG AT MGA SAGOT – ARALIN 5

1. Sa anong mga sitwasyon ng iyong buhay naipakita mo na mayroon kang baluti ng katuwiran at kung saang mga sitwasyon hindi?
OO: Tumulong ka sa isang matandang tumawid sa kalye. Tulungan ang iyong ina na malinis ang iyong bahay nang palagian. Ipahiram ang iyong mga bagay sa iyong mas batang kapatid. HINDI: Inisin ang mga maliliit na bata sa paaralan. Gawing katawa-tawa ang iyong kapatid. Sanhiin ang iyong kaklaseng bumaba ang marka sa pagsusulit.
2. Ipaliwanag kung paano ang katuwiran ay pwedeng maging peke.
Nang hindi gumagamit ng mga tunay na pangalan, ilarawan ang isang pamilya na mukhang mabait sa simbahan. Sa bahay ay sumigaw sila sa isa't isa, laging nag-aaway. Ipinagmamalaki nila ang mga oras na maaari silang manloko ng isang tao sa pananalapi. Nagsasalita ng mga bastos na biro o walang kabuluhan ang paggamit ng pangalan ng Panginoon.
3. Sa anong mga sitwasyon ang pinili mong gawin wala sa halip na mapahiya?
Maaari mong piliin na huwag hikayatin ang isang tao na hindi sikat kahit na kailangan niya ito. Pinili mong huwag manalangin para sa isang tao dahil ang iba pang mga mag-aaral ay nasa paligid.
4. Kaninong bahay ang pinuntahan ni Pedro? Bakit hindi pangkaraniwan ito?
Ipinadala siya ng Diyos upang makita si Cornelius. Hindi siya isang Hudio, at ang mga Hudyo ay hindi karaniwang nakikisalamuha sa iba.
5. Sa anong mga paraan naiiba si Cornelius kaysa sa iba pang mga kalalakihan sa lugar?
Mabait si Cornelius kahit na siya ay isang punong opisyal. Naging mabuti siya sa kanyang pamilya. Iginagalang niya ang Diyos sa pamamagitan ng pagtulong sa mga lokal na Hudio.

## LARO: DEPENSA – ARALIN 5



### MATERIYALES

Masking tape, a disposable cup kada bata, 1-2 bola

### PAGHAHANDA

Hatiin ang espasyo sa paglalaro gamit ang isang linya ng tape.

### PAGLALARO


1. Hatiin ang iyong klase sa dalawang pangkat at ilagay ang mga ito sa mga gilid ng linya. Bigyan ng isang tasa sa bawat mag-aaral. At pinili nila kung saan ilalagay ang kanilang tasa sa tabi nila. (Hindi hihigit sa 6 metro mula sa linya) Pagkatapos ang mga mag-aaral ay tumayo sa pagitan ng linya at ng kanilang tasa.

2. Bigyan ng bola ang isa sa mga koponan. Isang kalahok ng koponan na iyon ay magpapagulong nito sa kabilang linya na susubukang itumba ang mga tasa ng iba pang koponan habang ang iba pang mga kalahok ay pinoprotektahan ang kanilang mga tasa gamit ang kanilang mga kamay at paa. Isang mag-aaral na nakakuha ng bola, ipapagulong ito sa kabilang direksyon. Sa tuwing natutumba ang isang tasa, ang mag-aaral na iyon ay tanggal na sa laro at maghihintay sa tabi kasama ng kanyang tasa. Kung walang tasa na tumumba pagkatapos ng ilang minuto ng paglalaro, magdagdag ng isa pang bola upang magkasama ang dalawa. Tapusin ang laro pagkatapos ng 5 minuto, at hayaang magsimula muli ang mga mag-aaral.

### IBANG PAGPIPILIAN

Higit pang mga tasa kaysa sa mga mag-aaral ang maaaring magamit upang kailangan nilang protektahan ang higit sa isang tasa.

## MGA SAGOT SA PALAISIPAN – ARALIN 5



| | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| S | E | T | U | R | Y | O | N | N | T | A | P | T | P |
| S | I | M | O | N | O | M | I | O | K | E | A | A | M |
| A | T | U | M | K | O | T | S | Y | D | Y | N | H | A |
| T | O | K | S | P | A | N | O | R | M | G | T | A | O |
| A | I | T | U | Y | L | T | O | U | I | I | S | N | K |
| P | L | U | L | M | K | U | G | T | S | T | I | A | U |
| I | E | M | A | N | A | L | A | N | G | I | N | N | M |
| R | N | K | N | M | T | I | Y | E | O | A | G | A | I |
| I | R | N | G | U | N | G | N | S | K | N | A | N | A |
| T | O | L | I | E | S | P | I | R | I | T | U | A | N |
| U | C | Y | T | C | O | R | N | L | E | O | K | P | E |

# ARALIN 6

## PAMAGAT – ARALIN 6
Sapin sa paa ng Ebanghelyo ng Kapayapaan

## KWENTO SA BIBLIA – ARALIN 6
Si Felipe at ang taga-Ethiopia
Mga Gawa 8:26-40

## MGA INSIGNIA – ARALIN 6
Ang insignia ng pagdalo ngayon:




Bawat estudyanteng gumawa ng takdang-aralin sa "boot camp" noong nakaraang linggo ay makakatanggap ng "lasong" ito:




Bawat estudyanteng nakakumpleto ng itinakdang babasahin mula sa Mga Gawa noong nakaraang linggo ay makakatanggap ng isang bituin.

Bawat estudyanteng makakapagsabi ng kinabisadong bersikulo noong nakaraang linggo ay makakatanggap ng isang bituin.

## DRAMA – ARALIN 6
Si Sundalo Giggle ay walang tigil na nagrereklamo at nag-aalala tungkol sa lahat ng bagay ngayong araw. Nakalimutan ni Sundalo Giggle ang kanyang botang panlaban at patuloy na sinasaktan ang kanyang walang sapin na paa sa pagsasanay, na sinasanhi siyang magreklamo at mag-alala ng higit pa. Pinaalalahanan ni Sarhento Upright si Sundalo Giggle na si Heneral Hesus ay nagmamalasakit sa kanila at pagkatapos ay sinabihan siyang itigil na ang pagrereklamo at kunin na ang kanyang bota.

## BERSIKULO PARA SA PAGSASAULO – ARALIN 6
"At ang inyong mga paa ay may panyapak na paghahanda ng evangelio ng kapayapaan."
Mga Taga-Efeso 6:14

## PANGUNAHING ARALIN – ARALIN 6
**Mga Gawa 8:26-40**

Panahon na upang isuot ang ating mga sapin sa paa upang tayo ay handang umalis! Nangagahulugan ito na handa nating ibahagi ang ebanghelyo, o handang sumunod sa anumang sandali, o handang GAWIN ang tama.

Ang isinusuot natin sa ating mga paa ang magtatakda ng ating katatagan at ng ating kahandaang kumilos. Kung ano ang sapin sa paa na ating isinusuot ay makakaapekto sa kung gaano kalayo ang ating malalakad o matatakbo ng komportable. Ang maling pagpili ng sapin sa paa ay maaaring magpilay sa atin, magpabagal sa atin at mag-alis sa atin sa hanay ng martsa. Ang sundalong walang sapin sa paa ay maaaring mapasakaguluhan. Isa sa mga huling bagay na kailangan nating alalahanin ay kung saan tayo hahakbang habang nasa digmaan. Ang sapin sa paa ay nagdudulot sa ating makahahakbang ng malaya at walang takot habang itinutuon natin ang ating buong atensyon sa nalalapit na digmaan. Ang katawan ni Kristo ay ipinadala upang ipahayag ang mabuting balita ng Kaharian ng Diyos, na magpapalaganap ng Kanyang daan

ng kapayapaan sa buong mundo. Kung mayroon tayong sapin sa paa, handa tayong kumilos, upang ipalaganap ang mabuting balita sa iba.

Ang kuwento hinggil kay Felipe mula sa aklat ng Mga Gawa ay isang kahanga-hangang salaysay ng isang taong handang ipahayag ang ebanghelyo. Mula sa kung saan isang anghel ang nagsabi sa kanyang bumangon at humayo, binigyan siya ng tiyak na direksiyon ng lansangan sa lungsod. Nang siya ay dumating, sinabihan siya ng Panginoon na tumakbo tungo sa isang sasakyan. Tinanong ni Felipe ang lalaki kung nauunawaan ba niya ang kanyang binabasa, inanyayahan siya nitong pumasok sa loob ng sasakyan, at ipinagpatuloy ang pagbahagi ng ebanghelyo. Ang taga-Etiopia ay nagpasyang piliin si Kristo at itinigil ang sasakyan upang mabautismuhan doon din mismo! Binautismuhan siya ni Felipe, ngunit nang umahon sila mula sa tubig, si Felipe ay naglaho! Dinala ng Espiritu ng Panginoon si Felipe sa ibang lugar upang ipagpatuloy ang pagpapahayag ng ebanghelyo. Anong kamangha-manghang kuwento ng isang taong laan at handang humayo at ibahagi ang ebanghelyo!

## BOOT CAMP – ARALIN 6

### TAKDANG-ARALIN – ARALIN 6



Panahon na upang malaman kung ano ang pakiramadam ng hindi maging handa na magsabi sa iba ng tungkol sa ebanghelyo. Una, isipin niyong lumakad o tumakbo sa lansangan ng walang sapin sa paa. Aray! Pagkatapos, isulat kung ano ang sasabihin mo sa isang taong nagtanong sa iyo kung paano maging isang Kristiyano.

### ARALING-PAMBAHAY (MAS NAKATATANDANG ESTUDYANTE) – ARALIN 6

Basahin ang Mga Gawa 17-19

## POWERPOINT / PAGPAPASYA – ARALIN 6

"Pinipili kong magkaroon ng mainam na ugnayan sa Diyos at maging handang paglingkuran Siya palagi."

## MGA TANONG AT SAGOT – ARALIN 6

1. Sa anong situwasyon mo kailangang agad ibahagi ang Ebanghelyo, nang walang paunang paghahanda?
Mga halimbawa: Nagtanong ang katabi mo sa upuan ng tren ng tungkol sa Biblia. Ang iyong kaibigan ay nalulumbay at iniisip na magpakamatay. Ang iyong guro sa paaralan ay nagsasabi na hindi umiiral ang Diyos.
2. Anong paksa ang iyong ituturo kung kailangan mong pangunahan ang klase nang hindi ka napagsabihan?
Ito ay isang magandang tanong upang mag-isip ang mga estudyante kung anong paksa sa Biblia ang maaati nilang ituro. Sa buong itinagal ng kasaysayan gumagamit ang Diyos ng tao upang kausapin ang mga taong kaedad nila.
3. Ano ang ebanghelyo ng "KAPAYAPAAN" kumpara sa ebanghelyo ng takot?
Sa katotohanan, ang ebanghelyo ay nagsasabi na ang kaligtasan lamang ang paraan upang matakasan ang pagkasunog sa impiyerno magpakailanman. Ang mga tao ay takot mamatay, at laang makinig sa ebanghelyo sanhi ng takot na iyon. Totoo rin kung ilalahad natin ang ebanghelyo bilang pinakamainam na paraan ng upang mabuhay. Mararanasan natin ang kapayapaan anuman ang nangyayari sa ating paligid. Mararanasan natin ang pag-ibig ng Diyos para sa atin.
4. Ano ang itinanong ng taga-Etiopia kay Felipe?
Tinanong niya ang kahulugan ng Kasulatan na kanyang binabasa.
5. Nang makakita ang taga-Etiopia ng tubig, ano ang kanyang hiniling?
Bautismo

## LARO: DEPENSA – ARALIN 6

### MGA MATERYALES

Masking tape o pisi

### PAGHAHANDA



Magmarka ng dalawang hilera ng linya gamit ang tape, may humigit-kumulang na anim na metrong pagitan, tatlong metrong luwang.

### PAGLALARO


Pumili ng isang estudyanteng tatayo sa pagitan ng dalawang linya habang ang iba ay tumatakbo. Ang lahat ng kanyang mahawakan ay titgil sa kanilang puwesto, at mananatili sila roon hawak ang kanilang mga ulo, balikat, tuhod, at paa. Ang mga batang timatakbo ay dapat mag-ingat na hindi mahawakan at mapatigil, ngunit hahawakan nila ang isang napatigil na upang iligtas sila upang makatakbo sila kasama ng iba. Kapag narating nila ang linya, Kailangan nilang maghintay ng hudyat kung kelan sila babalik sa linya ay ipagpatuloy ang laro sa pamamagitan ng pagpapalit ng napiling estudyanteng tatayo sa gitna at paglalagay ng bagong magpiprisenta.

### PAGPIPILIAN

Sa tuwing magpapalit ng estudyanteng tatayo sa pagitan ng dalawang linya, Maaari mo rin baguhin ang mga gagawin ng pipiliing estudyante. Maaaring isa sa mga utos ay kinakailangan niya ilagitik ang kanyang mga daliri o magpatiloy na mag-martsa sa puwesto.

## PUZZLE ANSWERS – LESSON 6

| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | G | K | A | P | A | Y | A | P | A | A | N | K |
| B | I | N | A | U | T | I | S | M | U | H | [illegible] | N |
| N | E | S | P | I | R | I | T | U | C | R | G | B |
| A | K | A | T | E | P | O | R | P | W | U | S | I |
| G | P | W | O | P | I | S | Y | A | L | S | U | N |
| L | A | E | U | N | U | C | H | E | K | A | S | A |
| A | Y | E | P | I | L | E | F | U | A | L | U | U |
| K | A | L | S | A | D | A | W | N | R | M | L | T |
| B | G | A | Y | A | H | A | P | A | P | G | A | N |
| A | I | P | O | I | H | T | E | A | G | A | T | U |
| Y | P | R | O | M | E | L | A | S | U | R | E | H |







# ARALIN 7

## PAMAGAT – ARALIN 7
Kalasag ng pananampalataya

## KUWENTONG BIBLIA – ARALIN 7
Si Pablo at ang nawasak na daong
Mga Gawa 27:21-37, 28:1

## MGA INSIGNIA - ARALIN 7
Insignia ng pagdalo ngayon: 
Bawat estudyanteng gumawa ng takdang-aralin sa "boot camp" noong nakaraang linggo ay makakatanggap ng "lasong" ito: 





Bawat estudyanteng nakakumpleto ng itinakdang babasahin mula sa Mga Gawa noong nakaraang linggo ay makakatanggap ng isang bituin.

Bawat estudyanteng makakapagsabi ng kinabisadong bersikulo noong nakaraang linggo ay makakatanggap ng isang bituin.

## DRAMA – ARALIN 7
Binigyan ngayon ni Sarhento Upright sina sundalo Duty at Giggle ng mga bagong kalasag. Sa pagsasanay, ang mga sundalo ay gumagamit ng mga kalasag upang protektahan ang kanilang mga sarili mula sa pagtilamsik ng tubig sa kanila sa daanan. Soldier Duty gets better and better with the Si Sundalo Duty ay pagaling ng pagaling sa pagsangga at natapos ang daan na hindi gaanong basa. Nakalimutan ni Giggle ang kanyang kalasag at lubusang nabasa.

## BERSIKULO PARA SA PAGSASAULO – ARALIN 7
"Bukod dito ay taglayin ninyo ang kalasag ng pananampalataya, na siyang ipapatay ninyo sa lahat ng nangagniningas na suligi ng masama." Mga Taga-Efeso 6:16

## PANGUNAHING ARALIN– ARALIN 7
**Mga Gawa 27:21-37, 28:1**

Ngayon ay matututunan natin ang tungkol sa kalasag ng pananampalataya, isang matinding sandata para sa proteksyon dahil maigagalaw natin ito at masasalagan ang ating mga sarili mula sa mga tiyak na atake. Sinasabi ng Biblia na magagamit natin ito ang mga nagliliyab na suligi ng masamang isa. Hindi nito sinasabi na "kung" dumating ang mga suligi kundi "pagka" ang mga ito ay dumating, hindi tayo magiging mahina laban dito. Ang katotohanan ay walang tigil tayong inaatake ng kaaway. Nais kang gambalain at gitlain ng iyong kaaway sa pamamagitan ng mga nagliliyab na suligi. Idinesenyo niya ang kanyang estratehiya partikular para sa iyo. Pinag-aralan niya ang iyong mga gawi, ang iyong mga pinakakinatatakutan at mga kahinaan and weaknesses, at pinupuntirya ng kanyang mga suligi ang mga iyon sa partikular.
Ang pananampalataya ay ang maniwala sa Diyos at sa Kanyang mga salita, kahit na hindi natin nakikita ang Kanyang espirituwal na kaharian. Alam natin na umiiral ang Diyos kahit na hindi natin Siya nakikita, at iyon ang pananampalataya sa ating mga puso. Habang tayo ay may pananampalataya, maaari nating matalo ang mga direktang atake ng kaaway.

Sa kuwento ng Biblia ngayon mula sa aklat ng Mga Gawa, Si Pablo ay nasa dagat sa gitna ng katakot-takot na bagyo, at sinabi ng Diyos sa kanya na walang nakalulan sa bangka ang mamamatay mula sa bagyo! Pinili ni Pablo na maniwalang nagsalita sa kanya ang Diyos, kahit na hindi niya Siya nakikita. Nakakatuwang makita na pagkatapos ay sinabi ni Pablo sa lahat kung ano ang sinabi ng Diyos, at pinakain sila ng maraming pagkain para lumakas. Hindi lamang pinaniwalaan ni Pablo ang Diyos, kundi laan siyang hayagang ibahagi ang mensahe ng Diyos sa iba at gawin ang mensahe! Maaaring labis siyang mapahiya kung may taong mamamatay sa nawasak na daong. Minsan kailangan din nating maging hayag sa salita ng Diyos, pinananampalatayanan Siya sa halip na ang tao. Kukunin mo ba ang iyong kalasag ng pananampalataya sa pamamagitan ng pagiging sigurado mo sa kung ano ang hindi mo nakikita? Ito ang magpapanalo sa iyo laban sa kaaway at magpapatay ng kanyang mga nagliliyab na suligi!

## BOOT CAMP – ARALIN 7

### TAKDANG-ARALIN – ARALIN 7



Ngayong linggo isulat ang listahan ng mga bagay na pinaniniwalaan mo sa Biblia kahit na hindi sila nakikita, ngunit pinaniniwalaan mo pa rin. Alin sa iyong listahan ang tiyak na aatakehin ng kaaway?

### ARALING-BAHAY (MGA MAS NAKATATANDANG ESTUDYANTE) – LESSON 7

Basahin ang Mga Gawa 20-22

## POWERPOINT / PAGPAPASYA – ARALIN 7

"Pinipili kong maniwala sa Diyos at magkaroon ng pananampalataya"

## MGA TANONG AT SAGOT – ARALIN 7

1. Sa tunay na buhay, ano ang "mga nagliliyab na suligi ng masamang isa?"
Mga halimbawa: Sinabi ng iyong guro na ang tao ay nagmula sa unggoy at na hindi ang Diyos ang lumikha ng lahat ng bagay. Ang iba ay nagsasabi na si Hesus ay isang mabuting tao lamang at hindi Diyos. Natatakot ka na hindi mababago ng Diyos ang buhay ng iyong mga magulang.
2. Ano ang partikular na halimbawa ng paraan kung paano mo mapapalihis ang isang suligi gamit ang iyong kalasag ng pananampalataya sa normal na buhay?
Kapag narinig mo na hindi nilikha ng Diyos ang mundo, buksan mo ang iyong Biblia at basahin ang Genesis 1 at 2 upang paalalahanan ang iyong sarili kung ano talaga ang tunay na nangyari.
3. Ano ang ginagawa mo upang masiguro na hindi ka aalis ng bahay nang walang ang iyong pananampalataya?
Sinasabi ng Biblia na ang pananampalataya ay nagmumila sa pakikinig ng Salita ng Diyos. Kailangan nating palaging basahin at pakinggan ang Salita ng Diyos at magsaulo ng mga bersikulo, sa ganitong paraan lagi nating madadala ang kalaasag ng pananampalataya. Gayundin naman, sa tuwing pinipili mong maniwala sa kung ano ang sinabi ng Diyos sa halip na sa iba, ipinapakita mo ang pananampalataya.
4. Sa ating kuwentong Biblia ngayon, saan patungo si Pablo nung siya ay nasa daong? Ilang tao ang nasa daong?
(276) Italya. Ipakita ang isang mapa at ang mga bayan at mga daungan na kanyang dinalaw sa kanyang paglalakbay. (Sidon, Patara, Cnidus, Lasea, Crete, Cauda, Malta)
5. Paano nalaman ni Pablo na masisira ang daong ngunit walang ni isa ang mamamatay dahil sa bagyo?
Lumapit ang isang anghel sa kanya at sinabihan siya. Mga Gawa 27: 23-25

## LARO: KALASAG – ARALIN 7

**MGA GAMIT**

Masking tape, isang karton na kahon, at colored paper.

**PAGHAHANDA**

Gamitin ang masking upang makabuo ng parisukat na isa't kalahating metro ang sukat ng bawat gilid at ilagay ang kahon sa gitna.

**PAGLALARO**

Hatiin ang grupo sa apat at ang bawat isa ay gagawa ng bolang papel na iba't-iba ang kulay. Ang mga bata ay tatayo sa labas ng parisukat at susubok na maghagis ng bolang papel sa loob ng kahon. Bawat grupo ay pipili ng isang kinatawan na iikot sa loob ng malaking parisukat at susunok na harangin ang bolang papel ng kalabang grupo. Sa pagtatapos ng laro, isang estudyante ang magbibilang bolang papel sa loob ng kahon sa pamamagitan ng paghihiwalay ng mga kulay. Ang grupo na may maraming bilang ang siyang panalo.



## MGA SAGOT SA SA PALAISIPAN – ARALIN 7

| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | M | G | A | W | D | O | H | Y | U | B | Y | L |
| A | U | B | Y | S | T | A | M | K | A | U | E | U |
| N | T | N | A | R | O | W | G | N | A | H | T | M |
| A | A | A | T | R | K | G | A | A | G | A | U | U |
| M | Y | L | A | L | K | R | M | N | T | E | W | B |
| P | A | I | L | U | A | O | A | Y | N | G | G | O |
| A | K | G | A | M | B | W | N | A | K | A | L | G |
| L | I | T | P | U | A | R | L | U | S | B | S | A |
| A | H | E | M | R | H | I | A | A | A | I | M | N |
| T | I | S | A | K | G | T | L | P | A | Y | O | G |
| Y | H | A | N | T | R | A | A | O | K | R | A | B |
| A | G | M | A | W | K | S | Y | U | L | M | T | A |
| M | N | S | N | P | A | N | A | H | O | N | G | R |
| P | A | Y | A | W | H | N | G | A | B | Y | A | K |
| M | P | A | P | B | L | O | T | Y | K | S | D | O |




# ARALIN 8


## PAMAGAT – ARALIN 8
Turbante ng kaligtasan

## KUWENTO SA BIBLIA – ARALIN 8
Ang pagbaling ni Pablo
Mga Gawa 9:1-19

## MGA INSIGNIA – ARALIN 8




Insignia ng pagdalo ngayon:

Bawat estudyanteng gumawa ng takdang-aralin sa "boot camp" noong nakaraang linggo ay makakatanggap ng "lasong" ito: 


Bawat estudyanteng nakakumpleto ng itinakdang babasahin mula sa Mga Gawa noong nakaraang linggo ay makakatanggap ng isang bituin.

Bawat estudyanteng makakapagsabi ng kinabisadong bersikulo noong nakaraang linggo ay makakatanggap ng isang bituin.

## DRAMA – ARALIN 8
Pumasok si Sundalo Giggle suot ang kanyang buong uniporme maliban sa kanyang turbante. Dahil sa pagmamalasakit, tinanong ni Sundalo Duty kung nasaan ang helmet ni Giggle. Sinabi ni Giggle na kasama ito ng iba pa niyang uniporme, siya ay protektado na at hindi na kailangan pa ng turbante. Sa pagsasanay, laging natatamaan ang ulo niya. Pinaalalahanan siya ni Sarhento Upright na hindi sapat ang kanyang kagamitan, kailangan niya ang kanyang turbante!

## BERSIKULO PARA SA PAGSASAULO – ARALIN 8
"At magsikuha rin naman kayo ng turbante ng kaligtasan..."
Mga Taga-Efeso 6:17a

## PANGUNAHING ARALIN – ARALIN 8
**Mga Gawa 9:1-19**

Napakahalaga na suotin natin ang turbante ng kaligtasan dahil nakamamatay kung mahahampas tayo sa ulo. Paano natin masisiguro na suot natin ating turbante? Nilinaw ng Biblia na ang ating kaligtasan ay nakabatay sa natapos na gawain ni Hesu-Kristo sa krus. Nang Siya ay namatay para sa ating mga kasalanan, nagbayad siya ng halaga at binili ang ating kaligtasan! Hindi tayo makakapunta sa langit sa pamamagitan ng mabubuting gawa, kundi sa pamamagitan lamang ng pagtitiwala kay Hesu-Kristo, tayo ay maliligtas. Hindi natin kailangan magkaroon ng seremonya sa panalangin araw-araw upang isuot ang ating turbante ng kaligtasan. Kung magtitiwala tayo sa Panginoong Hesu-Kristo para sa ating kaligtasan magkagayon ay suot natin ang ating turbante!

Ang Diyos ay nagpakita kay Pablo sa isang mahimalang paraan sa kuwentong Biblia ngayong araw mula sa aklat ng Mga Gawa. Si Saulo na naging si Pablo, ay nililibak ang mga Kristiyano at inuusig sila. Isang araw sa daan patungong Damasco, si Hesus ay nagpakitang bigla kay Pablo sa liwanag na sumilay mula sa langit at

si Saulo ay napasubasob sa lupa at nabulag. Pagkalipas ng tatlong araw, nagpadala ang Diyos ng isang Kristiyano upang pagalingin siya at dalhin siya kay Kristo. Nang linggo ding iyon ay sumampalataya si Saulo kay Hesus at naligtas! Maari mong suotin ang turbante ng kaligtasan ngayon gaya ni Pablo kung ikaw ay mananalangin at sasampalataya sa Panginoong Hes-Kristo para sa iyong kaligtasan.
Manalangin tayo, "Minamahal na Hesus, inaamin ko ngayon na ako ay isanh makasalanan at nakagawa nh pagkakamali. Nananampalataya ako na ikaw ay namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at na Ikaw ay tunay. Tinatanggap kita ngayon sa aking puso bilang aking Panginoon at Tagapagligtas. Salamat sa pagtanggap sa akin, pagmamahal sa akin, at sa pagbigay sa akin ng buhay na walang hanggan kasama ka sa langit!"

## BOOT CAMP - ARALIN 8

### TAKDANG-ARALIN – ARALIN 8



Isulat sa unang pahina ng iyong Biblia kung saan at kailan ka nanalangin para sa kaligtasan. Kung hindi mo maalala, maaari mo itong gawin ngayon! Tumungo sa isang espeyal na lugar (sa iyong kwarto, sa likod ng iyonf bahau, o sa simbahan) at hilingin sa Diyos na patawarin ka. Pasalamatan mo si Hesus sa pagbigay Niya ng Kanyang buhay pambayad sa ating mga kasalanan, at hilingin mo na Siya na anh maging Panginoon at amo mo. Sabihin mong nais mong mabuhau para sa Kanya. Isulat and oras at lugar sa unang pahina ng oyong Biblia o sa iyong aklat.

### ARALING-BAHAY (MAS NAKAKATATANDANG ESTUDYANTE) – LESSON 8

Basahin ang Mga Gawa 23-25

## POWERPOINT / PAGPAPASYA - ARALIN 8

"Pinipili kong magtiwala sa Panginoong Hesu-Kristo para sa aking kaligtasan."

## MGA TANONG AT SAGOT – ARALIN 8

1. Maaari ka bang maging tiyak sa iyong kaligtasan?
Ang bawat estudyante ay dapat sagutin ang tanong na ito and magbigau ng dahilan kung bakit. Ito ay upang sila ay maging tiyak na kapag binuksan nila ang kanilang puso kay Hesus at tinaggap Siya bilang kanilang Tagapagligtas, taglay na nila ang kaligtasan.
2. Sa tingin mo ba ay maiwawala mo ang iyong kaligtasan?
Maraming iba't-ibang kilusan, ang ilan ay nagsasabing oo, maiwawala nila ang kaligtasan at ang iba ay hindi. Ito ay upang ilahad ng mga estudyante ang kanilang tugon.
3. Anong nangyari kay Saulo habang nakasakay siya sa kanyang kabayo tungo sa bayan ng Damasco?
Isang maningning na liwanag mula sa langit ang dumating at siya ay napasubasob sa daan at nabulag. Nagsalita ng direkta anh Diyos sa kanya. (Mga Gawa 9)
4. Ano ang sinabi ng Diyos kay Ananias na taga-Damasco?
Sinabihan siya ng Diyos na manalangin para kay Saulo. Sinabi sa kanya ang pangangailangan ni Saulo na mapagaling at kung saan matatagpuan ang bahay na tinutuluyan nito.
5. Ano ang sinabi ni Ananias sa Diyos? Ano ang mangyayari kung magrereklamo tayo sa Diyos?
Si Ananias ay nagsabi, "Narinig ko ang pinsalang ginawa ni Saulo sa mga Kriatiyano. Mayroon siyang awtoridad kahit sa bayang ito na ipakulong kami." Mapagpasensya ang Diyos kay Ananias.

## LARO: ESTRATEHIYA – ARALIN 8

### PAGLALARO




Pumili ng estudyanteng magiging taga-anunsiyo. Upang simulan ang laro, sisimulang maglakad ng mga estudyante sa palibot ng silid. Kapag sinabi ng taga-anunsyo na, "May kaligtasan!" hihinto ang mga estudyante. Iikot sila ng isang beses kung nasaan sila, at uupo nang mabilis. Ang estudyanteng unang makakaupo ay kailangang magsabi ng tungkol kay Hesus at pagkatapos ay siya naman ang magihing taga-anunsiyo. (Kung ang panalong estudyante ay naging taga-anunsyo na, pipili siya ng estudyanteng hindi nanalo naaging taga-anunsiyo)

### MGA PAGPIPILIAN

1. Sa bawat laro, maaari mong baguhin ang atas na ibibigay sa mga estudyante. (Halimbawa, ilagay ang iyong kamay sa iyong ulo habang umiikot ng 2 beses at uupo, tatalon sa isang paa nang dalawang beses, tumakbo sa pinakamalapit na pader, at iba pa)
2. Kung magiging mahirap malaman kung sinong bata ang nanalo, ang ibang impormasyon ay maaaring gamitin upang pumili ng taga-anunsiyo - ang estudyanteng nakasuot ng asul na damit, ang pinakabatang estudyante, ang estudyanteng may pinakamahabang apelyido, at iba pa.
3. Maaaring sumigaw ang estudyante ng "May kaligtasan" habang pumapalakpak o pumipito, o maaari ka ring gumamit ng tugtog at pahintuin ito.

## MGA SAGOT SA PALAISIPAN – ARALIN 8



| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | I | R | S | U | S | E | H | P | H | M | T | U |
| K | S | A | S | E | R | D | O | D | E | G | Y | A |
| A | E | T | O | D | R | E | S | A | S | A | G | M |
| L | H | S | E | S | U | S | U | M | M | D | B | G |
| I | L | L | P | B | A | U | L | A | G | I | U | A |
| G | L | A | I | I | O | U | K | S | A | S | L | S |
| T | G | K | N | C | R | A | L | C | M | I | O | A |
| A | P | A | I | G | G | I | Y | O | A | P | G | S |
| S | N | S | L | M | I | D | T | S | T | U | A | E |
| A | K | D | I | U | S | T | B | U | A | L | G | R |
| N | B | S | C | O | B | H | E | S | U | O | S | D |

# ARALIN 9

## PAMAGAT – ARALIN 9
Tabak ng Espiritu

## KUWENTO SA BIBLIA – ARALIN 9
Nagsalita si Pedro sa maraming tao
Mga Gawa 2:12-17, 22-30, 34-41

## MGA INSIGNIA – ARALIN 9
Insignia ng Pagdalo Ngayon:

Bawat estudyanteng gumawa ng takdang-aralin sa "boot camp" noong nakaraang linggo ay makakatanggap ng "lasong" ito: 


Bawat estudyanteng nakakumpleto ng itinakdang babasahin mula sa Mga Gawa noong nakaraang linggo ay makakatanggap ng isang bituin.

Bawat estudyanteng makakapagsabi ng kinabisadong bersikulo noong nakaraang linggo ay makakatanggap ng isang bituin.




## DRAMA – ARALIN 9
Binanggit ni Duty ang ilang personal na pakikipagbaka kay Giggle na nagbigay ng ilang payo. Tinanong ni Duty kung saan siya kumuha ng ideya. Pinakita ni Giggle ang kanyang cellphone, ay sinasabing galing iyon sa social media. Pagkatapos, pumasok si Sarhento Upright at kinuha ang atensyon nila na sinasabing sa Biblia lamang sila magtiwalas at hindi sa social media. Nagsimulang magbasa ng Biblya sina Sundalo Duty at Giggle at bawat isa ay nakatanggap ng tabak mula rito.

## BERSIKULO PARA SA PAGSASAULO – ARALIN 9
"...at ng tabak ng Espiritu, na siyang salita ng Dios" Mga Taga-Efeso 6:17b

## PANGUNAHING ARALIN – ARALIN 9
**Mga Gawa 2:12-17, 22-30, 34-41**

Ang tabak ng Espiritu ang unang bahagi ng baluti na sandata sa halip na pangdepensa. Nangangahulugan ito na puwede tayong sumalakay sa kaaway. Ang tabak ng Espiritu ay ang Biblia, o ang Salita ng Diyos. Upang magamit mo ang itong tabak sa labanan, kailangan mong malaman ang Kasulatan. Nangangahulugan ito na kailangan mong basahin ang buong Biblia nang paulit-ulit at isaulo rin ang mga bersikulo. Sa tunay na kuwento ngayon mula sa aklat ng Mga Gawa, ginamit ni Pedro ang Kasulatan habang nangangaral siya sa mga tao. May mga tao roon na hindi naniniwala sa Diyos at sinimulan siyang kutyain. Si Pedro ay tumayo at nagsalita sa mga nangungutya; hindi lamang siya nangaral sa kanila kundi ginamit niya ang Kasulatan upang lumaban. Kapag kabisado natin ang Kasulatan, maaari natin itong gamitin sa buhay kung kinakailangan. Sa araw na iyon tatlong libong tao ang naligtas at nakiisa sa simbahan dahil sa pangaral ni Pedro ng Salita ng Diyos. Anong pagpapala! Ginamit ni Pedro ang kanyang tabak nang may kahusayan dahil kabisado niya ang bersikulo na para sa kanyang partikular na situwasyon. Nilabanan niya ang kay nang may kahusayan at matatagpuan niya ang 3000 na tao para sa Panginoon! Mas marami lang alam na

bersikulo, mas magiging mahusay ka sa iyong tabak. Kapag binabasa natin ang Biblia at kinakabisado ito, ilalagay ito ng Diyos sa iyong isipan sa sandaling kailanganin natin ito. Kumusta ang iyong paggamit sa tabak?

## BOOT CAMP – ARALIN 9

### TAKDANG-ARALIN– ARALIN 9



Magkabisado ng bersikulo sa Biblia na magagamit mo sa labanan na iyong kinakaharap palagi at sasabihin ito sa itong guro sa susunod na linggo. Maaaring nakakaranas ka ng takot hinggil sa iyong itsura, pag-aari, pagaasam ng higit pa, espirituwal na seguridad, o itong kinabukasan.

### ARALING-BAHAY (MAS NAKATATANDANG MGA ESTUDYANTE) – LESSON 9

Basahin ang Mga Gawa 26-28

## POWERPOINT / PAGPAPASYA – ARALIN 9

"Pinipili kong matutunan ang Salita ng Diyos at gamitin ito sa pang-araw-araw na buhay."

## MGA TANONG AT SAGOT – ARALIN 9


1. Kailan ka pwede sumalakay sa kaaway?
Pananalangin para sa kaligtasan ng iba, pagdeklara ng mga pangako ng Biblia, pagpupuri sa Diyos, at iba pa.
2. Ano ang halimbawa ng pag-atake gamit ang tabak sa tunay buhay?
Halimbawa: Naririnig ka ng kasinungalingan mula sa diyablo (may bahagi sa iyo na ikaw ay langit) at kapagdakay naisip mo ang isang bersikulo mula sa Biblia na nagsasabi na ikaw ay espesyal sa Diyos at sa kanyang nilikha.
3. Paano nagagamit ng mali ang tabak ng Espiritu?
Kapag nakalimutan ng mga Kristiyano na ang paghahatol ay gawain ng Espiritu, at ginamit nila ang bersikulo sa Biblia upang atakehin ang ibang mga Kristiyano. Kapag ang Espiritu Santo ay naghatol ng kasalanan, nagbibigay siya ng kapangyarihan at lakas at tulong upang makapamuhay nang nilulugod Siya.
4. Ilang tao ang naging Kristiyano dahil sa sinabi ni Pedro sa Herusalem noong araw ng pentekostes?
Mga 3,000
5. Ano ang ginawa ng mga bagong Kristiyano upang ipakita na susundan na nila si Kristo?
Sila ay nabautismuhan.

## LARO: CODE – ARALIN 9

### MGA KAGAMITAN


Konting dry ice, disposable na plato.

### PAGLALARO



"Ano sa tingin mo ang pinakamainam na paraan upang ilipat ang dry ice sa kabilang panig ng silid nang hindi ginagamit ang itong kamay? Araw-araw ginagawa tao ng desisyon tungkol sa pinakamainam na paraan kung paano gawin at sabihin ang mga bagay. Bahagi ang Diyos na tutulungan niya tayo sa mga ganitong desisyon - pagsasaulo at pagsasagawa ng mga bersikulo ay makakatulong sa atin." Ipakita(o magsabi sa katulong na ipakita) ang iba't-ibang paraan upang malipat ag dry ice nang hindi ginagamit ang kamay ... at ginagamit lamang ang pinggan bilang pamaypay (gumagamit ng maliit at mabilis na kilos o malaki, at iba pa.)
2. Igrupo ang mga estudyante na hindi hihigit sa anim. Ihihilera ang mga grupo sa isang panig ng lugar upang maglaro. Bigyan ng pinggan ay isang padding dry ice.
3. Kapag sinabi ng guro, sismulan ng unang batang dalhin ang dry ice sa kabilang panig ng silid nang hindi ginagamit ang kanilang mga kamay. Kapag narating nila ang pader sa kabilang panig, itataas nila ang dry ice gamit ang kanilang kamay at tatakbo sila pabalik upang dalhin ang pinggan sa susunod na estudyante.

# MGA SAGOT SA PALAISIPAN – ARALIN 9



| | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| D | E | M | G | A | H | I | M | A | T | A | L | A |
| P | A | G | A | S | A | M | B | G | P | H | I | P |
| U | B | A | P | H | E | R | U | S | A | L | E | M |
| T | A | H | Y | N | B | A | H | L | I | U | A | S |
| I | L | U | M | A | N | Y | A | H | U | B | A | N |
| R | B | D | N | D | G | M | Y | S | H | N | O | Y |
| I | M | Y | U | A | I | I | O | D | G | R | T | U |
| P | I | O | E | H | T | Y | L | S | D | O | H | A |
| S | H | G | A | Y | I | S | N | E | S | E | R | P |
| E | Y | G | A | D | B | O | P | U | P | B | H | I |
| A | M | P | U | Y | N | T | P | I | S | A | L | M |

# ARALIN 10

## PAMAGAT – ARALIN 10
Pray without ceasing

## KUWENTO SA BIBLIA – ARALIN 10
Nakatakas si Pedro sa bilangguan
Acts 12:1-19

## MGA INSIGNIA – ARALIN 10





Insignia ng Pagdalo Ngayon:

Bawat estudyanteng gumawa ng takdang-aralin sa "boot camp" noong nakaraang linggo ay makakatanggap ng "lasong" ito: 


Bawat estudyanteng nakakumpleto ng itinakdang babasahin mula sa Mga Gawa noong nakaraang linggo ay makakatanggap ng isang bituin.

Bawat estudyanteng makakapagsabi ng kinabisadong bersikulo noong nakaraang linggo ay makakatanggap ng isang bituin.

Ngayong huling linggo, ang bawat estudyante ay maaaring magkaroon ng ikasampung laso ng takdang-aralin sa pamamagitan ng paggawa ng araling-bahay at pananalangin ngayon. Kung natapos nila ang 9 na takdang-basahin matatanggap nila ang kanilang ika-10 bituin para sa pagbasa. Kung masasabi nila ang lahat ng bersikulong kinabisado nang sunud-sunod kasama ang bersikulo ngayong araw matatanggap nila anh ila10 star sa pagsasaulo.




## DRAMA – ARALIN 10
Nagbigay si Sarhento Upright ng isang walkie-talkie kina Sundalo Giggle at Duty. Sa kalagitnaan ng paunang ehersisyo sa pagsasanay, sina Giggle at Duty ay naging sa isang butas. Iminungkahi ni Duty na gamitin ang walkie-talkie upang humingi ng tulong. Sa una ay tumanggi si Giggle, iniisip niya na magagawan nila ito ng paraan. Matapos ang ilang sandali, nilabas nila ang walkie-talkie at tumawag sa Diyos. Bilang nagpakita si Sarhento Upright sa eksena ay pinalayas ang kaaway.

## BERSIKULO PARA SA PAGSASAULO – ARALIN 10
"Na magsipanalangin kayo sa Espíritu ng lahat ng panalangin at daing sa buong panahon, at mangagpuyat sa buong katiyagaan at daing na patungkol sa lahat ng mga banal."
Mga Taga-Efeso 6:18

## PANGUNAHING ARALIN – ARALIN 10
**Mga Gawa 12:1-19**


Ang panalangin ang ikalawang sandata na maaari nating gamitin panlaban sa kaaway. Magagamit din itong proteksyon. Sa pananalangin ay maaari tayong lumaban sa digmaan, makatanggap ng karunungan mula sa

Panginoon kung paano magpatuloy, magpakawala ng mga anghel sa kalangitan upang lumaban para sa atin, at maunawaang mabuti kung ano ang kinakalaban natin

Sa kuwento ng Biblia nating ngayon, makikita natin di Pedro sa loob ng bilangguan habang ang buong simbahan ay nananalangin para sa kanya. Habang sila ay nananalangin, nagsugo ang Diyos ng anghel sa loob ng bilangguan upang palayain si Pedro. Ginabayan siya ng anghel palabas sa bilangguan, sa lansangan at si Pedro ay bumalik sa tahanan ng mga kapatid na lalaki at babae kay Kristo ay nananalangin. Hindi man lang nila nabuksan ang pinto dahil hindi sila makapaniwala na siya si Pedro! Nananalangin sila para sa kanyang kaligtasan, ngunit sila ay nagulat nang ito ay natupad. Maraming beses, ikaw at ako ay nananalangin at nagugulat kapag ito ay sinagot ng Diyos at tinulungan tayo. Hinihiling Niya na manalangin tayo at nangakong tutulungan Niya tayo. Ito ay isang bahagi ng baluti na kailangan maaaring gawin araw-araw kung nais mo itong gamitin araw-araw. Binabago ng panalangin ang maraming. Patuloy na manalangin sa labanan dahil kailangan natin ito sa pakikipagbaka lalo na ngayon.

## BOOT CAMP – ARALIN 10

### TAKDANG-ARALIN – ARALIN 10



Ang gawi ay nangangailangan ng 21 beses na ulit araw-araw upang maging totoo. Mag-umpisang manalangin gabi-gabi bago ka humiga. Ayos lang kung iyon ay maiksi at simple ngunit hindi okay na pumalya ka ng isang araw. Kung papalya ka ng isang araw, doblehin mo ang iyong panalangin kinaumagahan bago ka bumangon sa higaan. Gawin mong lugar ng panalangin ang iyong higaan. Gantimpalaan mo ang iyong sarili kapag naka 21 araw ka ng panalangin.

### ARALING-BAHAY (MAS NAKATATANDANG ESTUDYANTE) – ARALIN 10

Walang takdang-basahin ngayong linggo

## POWERPOINT / PAGPAPASYA – ARALIN 10

"Pinipili kong palaging manalangin, tinatandaan na ang digmaan ay espirituwal."

## MGA TANONG AT SAGOT – ARALIN 10

1. Bakit kabilang ang panalangin sa "Baluti ng Diyos"?

Mapapalakas ka o ang iyong mga kaibigan ng panalangin, at ang panalangin ay maaaring baguhin ang isipan ng Diyos at ng iyong kaaway.

2. Ano ang halimbawa ng panalangin upang maipagtanggol laban sa kaaway at ano ang halimbawa ng panalangin upang sumalakay sa kaaway?

Depensa: Mga kahilingan upang tumapang o panalangin para sa tulong. Gayundin, kilalanin na ang kasinungalingan o insulto laban sa iyo ay atake ng espirituwal na puwersa. Lumaban sa pamamagitan ng pagtanggi dito sa pangalan ni Hesu-Kristo.

Pagsalakay: Panalangin para sa kaligtasan ng iba, panalangin para sa isang lungsod na makita at makilala si Kristo, manalangin laban sa partikular na diyus-diyosan o diyos sa iyong lugar.

3. Kung nasa kontrol ng Diyos ang lahat ng bagay, bakit niya tayo hinilingang manalangin sa Kanya kung alam na din naman Niya kung ano ang mangyayari?

Dahil tutulong kang matiyak kung ano ang mangyayari. Ang iyong panalangin ay gagawa ng pagbabago sa iyong buhay at sa buhay ng mga nakapaligid sa iyo.

4. Ano ang dalawang sandata na pang-atake na maarin nating gamitin?

Panalangin at tabak ng Espiritu, na siyang salita ng Diyos.

5. Sino ang dumating sa pintuan nang kumatok si Pedro sa bahay ni Maria?

Si Rhoda, ang babaeng alipin.

## LARO: PAGTAMBANG – ARALIN 10

### PANIMULA



Ginagamit natin ang panalangin sa pagdepensa at pag-atake. Gayundin, sa ating laro kailangan nating umabante upang mangolekta ng mga papel, habang binabantayan din ang ating likuran.

### MGA KAGAMITAN

Papel (mga piraso ng letter size na papel na hinati sa apat na square - isang sangkapat para sa bawat estudyante sa iyong klase), tape.

### PAGLALARO

1. Maglagay ng isang pirasong papel sa likod ng bawat estudyante
2. Kapag sinabi ng guro, kukuha ng papel ang mga estudyante sa likod ng iba pang mga estudyante. Hindi maaaring hawakan ng estudyante ang sarili niyang papel upang itabi ito. Ngunit kung nais mong ipagtanggol ang iba huwag mong kunin ang kanilang papel
3. Kapag may kukuha ng papel ng isang estudyante, kailangang ibigay ng estudyante sa estudyanteng iyon ang papel na nakolekta niya at kailangan niyang bumalik sa pader upang magsimulang muli.
4. Magpatuloy lamang hanggang sa mayroon nang estudyante sa gitna at may mga papel. Ipamahagi muli ang mga papel at maglaro muli.

### PAGPIPILIAN

Sa halip na papel at tape, maaari nating gamitin ang isang tela na mahaba at manipis, ilalagay iyon ng mga estudyante sa kanilang mga sinturon

## MGA SAGOT SA PALAISIPAN – ARALIN10


Ang mga sumusunod ay mga ideya lamang. Tanggapin ang iba't-ibang sagot.
Manalangin para sa: pamilya, pagkain, pagkain, simbahan, karamdaman, karunungan.
Halimbawa ng Panalangin: Salamat Diyos Ama para sa isang araw na naman ng buhay at para sa buo kong pamilya. Tulungan niyo po ang tatay ko. Amen. (Tumanggap ng ibat-ibang sagot)
Mga bagay na humahadlang sa ating panalangin: Nakakaantok, abala sa mga kaibigan, tanghali na gumising, kailangang gumawa ng araling-bahay o gawaing bahay.

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| D | U | O | N | G | P | I | M | A | S | P | A |
| I | Y | P | L | I | R | D | N | L | N | E | E |
| Y | A | I | E | A | A | E | P | I | G | O | D |
| O | I | N | H | D | D | T | G | H | Y | O | U |
| S | S | T | A | A | R | N | I | D | S | H | J |
| U | E | U | K | G | A | O | U | G | K | M | U |
| D | L | A | E | L | N | H | N | S | N | Y | N |
| K | G | N | A | G | A | U | E | U | A | A | S |
| M | I | N | L | K | L | Y | L | R | L | G | P |
| Y | A | P | A | H | U | D | M | U | O | K | M |
| M | U | M | L | E | H | G | N | A | K | D | U |







# TSART NG AKING KLASE

| MGA INSIGNIA AT PAGKAKAKILANLAN | Aralin 1 | Aralin 2 | Aralin 3 | Aralin 4 | Aralin 5 | Aralin 6 | Aralin 7 | Aralin 8 | Aralin 9 | Aralin 10 | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Estudyante: | | | | | | | | | | | Pagdalo |
| | | | | | | | | | | | Pagbasa |
| | | | | | | | | | | | Pagsasaulo |
| | | | | | | | | | | | Araling-bahay |
| Estudyante: | | | | | | | | | | | Pagdalo |
| | | | | | | | | | | | Pagbasa |
| | | | | | | | | | | | Pagsasaulo |
| | | | | | | | | | | | Araling-bahay |
| Estudyante: | | | | | | | | | | | Pagdalo |
| | | | | | | | | | | | Pagbasa |
| | | | | | | | | | | | Paagsasaulo |
| | | | | | | | | | | | Araling-bahay |
| Estudyante: | | | | | | | | | | | Pagdalo |
| | | | | | | | | | | | Pagbasa |
| | | | | | | | | | | | Pagsasaulo |
| | | | | | | | | | | | Araling-bahay |
| Estudyante: | | | | | | | | | | | Pagdalo |
| | | | | | | | | | | | Pagbabasa |
| | | | | | | | | | | | Pagsasaulo |
| | | | | | | | | | | | Araling-bahay |
| Estudyante: | | | | | | | | | | | Pagdalo |
| | | | | | | | | | | | Pagbasa |
| | | | | | | | | | | | Pagsasaulo |
| | | | | | | | | | | | Araling-bahay |
| Estudyante: | | | | | | | | | | | Pagdalo |
| | | | | | | | | | | | Pagbasa |
| | | | | | | | | | | | Pagsasaulo |
| | | | | | | | | | | | Araling-bahay |
| Estudyante: | | | | | | | | | | | Pagdalo |
| | | | | | | | | | | | Pagbasa |
| | | | | | | | | | | | Pagsasaulo |
| | | | | | | | | | | | Araling-bahay |
| Estudyante: | | | | | | | | | | | Pagdalo |
| | | | | | | | | | | | Pagbasa |
| | | | | | | | | | | | Pagsasaulo |
| | | | | | | | | | | | Araling-bahay |
| Estudyante: | | | | | | | | | | | Pagdalo |
| | | | | | | | | | | | Pagbasa |
| | | | | | | | | | | | Pagsasaulo |
| | | | | | | | | | | | Araling-bahay |

Gumawa ng mga kopya ng pahinang ito kung mayroon kang higit sa 10 estudyante.



